

ANG PAPARATING NA BAGYO



Manatili po tayong nakatayo pansumandali, para sa isang pananalangin. Iyuko po natin ang ating mga ulo. Mapagbiyaya naming Makalangit na Ama, kami po'y tunay na mga taong biniyayaan ng pribilehiyo, sa gabing ito, na anupa't kami'y nakatutuon sa Iyong maluwalathing mukha at natatawag Ka namin na aming Ama; na may pagkabatid na lumipat na kami mula sa kamatayan patungo sa Buhay, dahil heto ang Espiritu Santo na sumasaksi sa amin, na kami'y mga anak na lalaki't anak na babae ng Diyos. At Siya ang aming saksi, na kami'y nakatawid na sa hangganang iyon; na haya't ang mga bagay sa sanlibutan, na dati naming iniibig at tinatangkilik, ay patay na ngayon. At kami'y binangon nang panibago, kasama si Cristo, at nakaupong magkasama sa Makalangit na dako, sa Kanya, na tinatamasa ang Kanyang Presensya. Ganoon na lamang ang pasasalamat namin sa Iyo para rito!

² At, ngayong gabi, sa okasyon na ito, aming idinadalangin na Kanya kaming bisitahin sa makapangyarihang paraan, sa gabing ito. Iyo pong pagpalain ang munting iglesya na ito, na amin pong iniibig, at ang dakilang pagbubuklod at ang pag-ibig naming taglay para rito at sa pastor po rito, at sa lahat ng mga miyembro, at sa mga naritong nakikipag-buklod kasama namin sa dakong ito sa pagtitipong ito.

³ At dalangin namin, Makalangit na Ama, na ang gabing ito ay maging espesyal na gabi, na matagal naming magugunita ang Kanyang Presensya sa gabing ito.

⁴ Nawa, kung may mga narito, sa gabing ito, sa dakong ito na di pa nakakakilala sa Panginoong Jesus bilang sarili nilang Tagapagligtas, nawa'y masumpungan nila Siya sa gabing ito, Panginoon, ang Isa na humayo roon sa ilang para hanapin ang naliligaw na tupa na hindi pa naipanunumbalik sa kawan. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. At nawa po'y ang habag ay mapasa kamentong ito, ngayong gabi, yamang iyan po ang aming idinudulog. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, amin po itong hinihiling. Amen.

Makakaupo na kayo.

⁵ Tunay na napakainam po na makabalik sa tabernakulong ito, o iglesya, sa gabing ito, para magkaroon nitong mainam na pakikipagbuklod. At sa araw na ito ako nga'y nabubuhay mula dun sa mumunting mga piraso ng aral noong isang gabi.

⁶ At sa pagtingin ko nga rito sa mga tagapakinig na narito, at nakikita ko ang mga iba't ibang mukha, at ang mga mukha ng mga dati ko nang nakilala noon. Ako nga'y, sa mga panahong nagdaan, gusto ko po sanang makihalubilo at makipagkamay

sa kanila, o kung ano. Pero, oh, kami po'y medyo naatrasado, at kinakailangan ko tuloy na magmadali. Pero gusto ko pong malaman n'yo na marami sa mga narito kagabi, ang akin pong namumukhaan mula sa ibang mga pagtitipon.

⁷ At, ngayon, nung isang gabi noong umuwi ako at sinasabi ko sa maybahay ko, sabi ko, "Binubulay ko't ano kaya ang magiging kalagayan kapag tumawid na tayo roon sa ibayo ng hangganan?" Tatayo nga roon, tatanaw, at sasabihin, "Buweno, hayun nga si Kapatid na lalaking *ganito-at-ganoon!* At hayun naman. . ." Oh, sadya ngang magiging kaaya-ayang panahon 'yun! At tayo nga'y nananabik sa araw na 'yan, at malapit na, malapit na. At di ko po alam kung kailan 'yan, pero sigurado na magiging maluwalhating panahon 'yun. Naniniwala nga ako na si Juan, matapos na masaksihan niya ang dakilang mga kaluwalhatian ng Diyos, at ang mga ito ay nahayag sa kanya, doon sa *Apocalipsis*, ang sabi niya, "Siya nawa, pumarito Ka, Panginoong Jesus." Nasaksihan niyang kamangha-mangha ito.

Mga nasa, halos dalawang linggo na rin ang nakararaan, ako po'y nasa Kingston, Jamaica.

⁸ At marami sa mga tao ang iniisip, at iniisip maging mapasa hanggang ngayon, na ang mga pangitain ay nangyayari lamang sa ibabaw ng entablado. Naku, wala pa nga sa ikasampung bahagi ng lahat-lahat ang mga 'yun. Hindi pa nga abot sa isang siyamnapung bahagi ng lahat-lahat ang mga 'yun. Wala ngang pinipiling panahon ang pagdating nun, mapa saan mang dako, at ni isang beses ay di 'yun nagkamali.

⁹ At ang Christian Business Men, ang Full Gospel Business Men, ako po'y bumibisita sa kanila, o naroon ako bilang bisita sa sangay na 'yun doon. At dalawang gabi ang lumipas, at nagdadaos kami ng pangangaral ng Ebanghelyo; at pagkatapos, haya't para makilala namin ang mga dumalo roon, at madama ang espiritu ng mga tao. At sabi ko, "Naniniwala ako na sapat, para sa gabing ito, na kung maaari'y makapagbigay kami ng mga prayer card, at magsimulang manalangin para sa mga may sakit." At pinagpala po kami ng Panginoon. At lumipas na ang pangalawang gabi.

¹⁰ At pagkatapos nagpunta na kami roon sa—sa hapag kainan sa Flamingo Hotel, doon sa, "mga lame-lamesa" kung tawagin natin dito sa atin, kung saan kami humihimpil. At 'yung lahat dun ay nakabase sa istilo ng mga taga-Europa; kung saan sa pagbayad mo ng renta mo, binabayaran mo na rin dun 'yung kakainin mo; pinag-isa na ang lahat ng bayarin dun sa—dun sa renta. At kumakain nga kami noon ng agahan. At napakarami ng mga Full Gospel Men sa dakong 'yun, at may mga iba-iba, rin. At bigla na lang napag-usapan 'yung katanungan na 'yun, "Yung mga pangitain na 'yun," sabi nila, "kahanga-hanga nga

ang mga 'yun. Kahanga-hanga nga kung ang mga 'yun ay bigla na lang susulpot saan mang dako.”

¹¹ “Oh,” sabi ko, “saan mang dako, ay lumilitaw na lang ang mga 'yun.” At sabi ko, “Hindi nun pinagagaling ang mga tao.” Sabi ko, “Kung mapapansin n'yo, tinatanong ko sa mga tao, ‘Makatutulong ba 'yun sa pananampalataya mo, para manalig ka sa Diyos?’”

¹² Hindi po nakakapagpagaling ang mga pangitain; tapos na kasing ginawa 'yun ni Cristo. Ang bagay na 'yun ay tumutulong lamang diyari sa pananampalataya n'yo. Isang bagay 'yun na idinadagdag ng Diyos; isang pagpapala na ipinangako Niya na ipadadala, isang pagpapatotoo sa huling mga araw. Dadako rin tayo riyari, sa buong sanglinggong ito.

¹³ Mangyari ngang nakaupo kami noon sa hapag, at sabi ko, “narito ngayon, ang Espiritu Santo ay narito mismo ngayon.” At si Kapatid na Shakarian, marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya, kay Kapatid na Demos, at isang matalik ko ngang kaibigan; at si Kapatid na Arganbright, at, oh, maraming iba pa, sina Kapatid na Sonmore, 'yung mga presidente't mga bise-presidente, at marami pang iba, ng Full Gospel Men.

¹⁴ At sabi ko, “Itong binatilyong ito na papalapit dito ay may sakit,” 'yung serbidor. At lumapit nga ang binatilyo sa mesa, at 'yung Espiritu Santo'y nagsimulang mangusap sa kanya, at sinabi sa kanya, sabi, “Ngayon, dumadanas ka ng suliranin sa puso. Ang asawa mong babae, ay siyanga ring, isang Cristiano. Sumasampalataya ka, pero natatakot ka.” At hayari nga, at unti-unting sinasaysay sa kanya kung sino siya, at ang lahat ng tungkol dun. At halos mailaglag nung binatilyo 'yung lalagyan ng mantikilya sa plato ko.

Haya't ang sabi niya, “Totoong-totoo po 'yan!”

¹⁵ Ako, pagkatapos ang sabi ko sa kanya; hindi po ako, kundi ang Espiritu Santo ang nagsabi sa kanya kung anong problema sa asawa niyang babae sa tahanan, at kung ano ang kanilang ipinapanalangin na magkasama nung umaga ring 'yun bago umalis ang lalaki, at ang intensyon ng lalaki na makipagkita sa akin nung araw na 'yun. Oh, grabe, para ngang hihimatayin 'yung lalaki!

At ang sabi niya, “Di ko maintindihan kung papaano 'yan nangyayari.”

Sabi ko, “Maging ako rin naman.”

¹⁶ Ang bagay lang na nalalaman ko, si Kapatid na Shakarian o . . . Paumanhin po. Si Kapatid na duPlessis po pala ay naroon nga sa labas sa sasakyan nung nagmaneho ako paparating, at si Kapatid na Mercier at ako'y nag-uusap tungkol sa kaibig-ibig na espiritu sa iglesyang ito. Sadya ngang kinalulugdan namin 'yun, 'yung ganyang kainam na pakikipagbuklod. Sadya ngang

kalugud-lugod 'yan, kapatid, ipagpatuloy n'yo lang po. Sadya ngang kalugud-lugod, aming kapatid, na pastor. At mainam po talaga. At nag-uusap nga kami, at ako . . . Sabi niya, "Kapatid na Branham, sa palagay ko'y napakarami mong mahihirap na . . ."

¹⁷ Sabi ko, "Hindi. Ang bagay nga na ikinasosorpresa ko ay ang biyaya ng Diyos." Sabi ko, "Naabot ko na ang sukdulan ng Kanyang awa, maraming beses na. Pero di ko nga kailanman maaabot ang sukdulan ng Kanyang biyaya, at ikinagagalak ko 'yan."

¹⁸ At hayan nga't habang nag-uusap kami sa may hapag nung umagang 'yun, mangyaring may kabataang babae na dumaan na may pasan-pasan na mga kubre kama sa kanyang balikat, papunta sa isang dako roon, sa isa sa mga bulwagan, para ayusin 'yung mga kama dun. Sabi ko, "Ngayon hayan nga ang Liwanag na nasa ibabaw ng kabataang babae na 'yun." Sabi ko, "Sige't tawagin n'yo siya rito." At tinawag namin siya roon. At nagsimula ngang sabihin sa kanya ng Espiritu Santo ang lahat ng kanyang mga suliranin.

¹⁹ At di nga po siya isang Cristiano; hindi isang full Gospel na mananampalataya, 'yun po ang ibig kong sabihin. Hanggang sa pangungumpil lang, at, nung maliit na sanggol pa lang siya nito noon. At dinala nga siya ng nanay niya sa simbahan, at siya ay . . . labing-dalawang taong gulang noon, o parang ganoon. Nabautismuhan siya, pero kahit kailan ay di siya dumalo sa simbahan. Yan po ang dahilan kung bakit sinabi ko, "hindi siya isang Cristiano."

²⁰ Hindi ka kasi magagawang isang Cristiano ng simbahan. Tumutulong lang ang simbahan para maging isang Cristiano ka, tinutulungan ka na makapanatili riyan sa kapanganakan mo, tinutulungan ka na linangin ang iyong karanasan, habang ikaw ay nakikipagbuklod kasama ang iyong mga kapatid na katulad sa katangi-tanging Pananampalataya.

²¹ At pagkatapos habang nakaupo roon, nakatingin nga ako. At siya namang tinawag ako ni Kapatid na Demos Shakarian kaya ako kumalas doon, at ang sabi niya, "Anong nangyayari?" Kung di lang niya sana sinabi 'yun agad!

²² Sabi ko, "Pagkaisipin n'yo ito, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. May isang tao na malapit sa akin, ang heto nga't mamamatay. At may kabataang lalaki na lumulura ng dugo mula sa kanyang bibig."

At sabi ko, "Nasaan si Billy?"

²³ Marami sa inyo ang nakakakilala sa anak kong lalaki, si Billy Paul. Ang nanay niya'y namatay nung maliit na paslit pa lang siya. At lagi ko na siyang dala-dala noon sa kung saan-saan. Tuwing gabi noon, hindi nga namin kayang bumili ng sapat na uling para mapagtuluy-tuloy sana namin 'yung apoy, kaya kami . . . Inilalagay ko 'yung botelya niya sa ilalim ng balikat

ko, nang *paganito*, at para mapanatili kong mainit 'yun para sa kanya tuwing gabi. Sa tuwing magigising siya noon, na umiiyak na hinahanap ang kanyang nanay, binibigyan ko siya ng botelya sa kanyang bibig. At ang nanay nga niya'y binilinan ako, nung mamamatay na siya, "Lagi kang manatili sa tabi ni Billy." At heto nga't sanggang-dikit talaga kami. At kaya saan man ako magpunta, isinasama ko si Billy, at siya nga'y laging nananatili sa tabi ko.

²⁴ Kaya, hayan na nga't, si Billy ay naghahanda na noon na magpunta, doon sa lugar na tinatawag nilang, "The Garden of Hope," para kumuha ng ilang litrato. Tinawag ko siya, agad. Sabi ko, "Huwag kang magpunta. May bagay na napipintong mangyari."

²⁵ Maraming beses, na may mga bagay-bagay na isinasaysay ang mga pangitain na di natin nalalaman kung ano ang mga 'yun. Yung mga propeta nga sa Biblia'y di nila nalalaman kung ano 'yung isinusulat nila, basta't isinusulat lamang nila Ito. At sila'y mga pinagtibay na mga kalalakihan, mga kinasihan.

²⁶ At sabi ni Kapatid na Shakarian, "Kapatid na Branham, ano 'yung sinasabi mo na napipintong mangyari?"

²⁷ Sabi ko, "Hindi ko alam. May tao, wala itong ngipin, at nakita ko ito na sumisingap ng hininga nang makadalawang ulit, at namatay. At 'yung isa naman, sabi dun . . . lumulura ng dugo mula sa kanyang bibig, mukha ngang kabataang lalaki; at ang sabi, 'Di siya puwedeng mamatay, di pa siya handa.'"

²⁸ At pagkatapos nag-antabay kami. At nakaramdam ako ng pangunguna na magpunta sa Jamaica, pero hindi sa Puerto Rico.

²⁹ Kaya, nung dumating 'yung oras namin, 'yung oras na magpupunta na sana kami ng Puerto Rico, dun sa mismong lugar na 'yun na pinagbagsakan ng eroplanong 'yun sa Jamaica at pumatay sa lahat ng tao roon. Haya't nagmistula silang mga biik na nakasabit dun sa sinturong pangkaligtasan, na haya't 'yung mga bahagi ng kanilang katawan ay talagang sunog na sunog. At kasalukuyang inaalís na nila 'yun, at kami . . . Hayun nga, 'yung eroplanong 'yun ay naroon pa rin nung dumating kami. At 'yung eroplano namin, nakabalik na't dadalhin na kami papuntang Puerto Rico, pinatutunog na 'yung mga piston nun, sa siya ring dako na 'yun, kung saan humimpil muna sila para sunduin kami. Sabi ni Billy, "Daddy, sigurado po ba kayo na magbabaka-sakali tayo sa bagay na ito?"

³⁰ Sabi ko, "Sinasabi ng sangay ng Christian Business Men na kinakailangan kong magpunta roon. Para sa pagbubuklod ito ng sangay na pupuntahan ko nang dalawang gabi."

Sabi niya, "Naaalala mo ba 'yung pangitain?" Sabi ko, "Oo."

³¹ Pero tatlong araw pagkatapos nun, nung ako'y . . . Nakatayo ako noon sa may . . . isang hardin (wala pa nga akong nakikita

kailanman na ganoong kaganda) sa Puerto Rico. At si Kapatid na Fred Sothmann po (marahil narito siya sa gabing ito), isang kaibigan na taga-Canada, ang kumukuha ng litrato. At itong napaka gandang. . . mayroon nga ako. Napaka ganda rin dito sa Phoenix, napaka ganda rin sa Los Angeles, napaka ganda rin sa Miami, pero kumbaga sa kandila'y di maitutumbas ang kinang nila sa Puerto Rico. Oh, napaka ganda talaga, at wala pa nga akong nakikitang ganoong kaganda sa buong buhay ko! Hayun nga ang naglalakihang mga bahura roon, na hinahampasan ng mga alon sa may laot, haya't, nasa kalahating milya sa laot. At may mga flamingo roon na palakad-lakad sa buong palibot ng mga liwasan dun na mala-tropiko, at lahat. At wala pa nga akong nakikita kailanman na masasabing parang Langit na halos. Napabaling pa nga si Kapatid na Sothmann, sabi niya, "Kapatid na Branham, siguro'y ganito ang itsura ng Langit."

Sabi ko, "Oh, kumbaga sa kandila'y di pa rin maitutumbas ang kinang nito sa Langit."

Sabi niya, "Oh, hayan nga, ang malawak na dagat!"

³² Sabi ko, "Pero 'yung pag-uga ng mundo, ang nagpapaging maalon dito." Sabi ko, "Pero Doo'y magiging mapayapa, siya nga'y dadaloy na sadyang tahimik sa abot ng magagawa nito." At sabi ko, "Hindi rin mga flamingo ang magpapalakad-lakad sa liwasan sa dakong 'yun, kundi mga Anghel na maglalakad-lakad sa liwasan kung saan tayo nagbubuklod-buklod."

³³ At bigla na lang nung mga sandaling 'yun ay nakita ko ang biyenan kong babae at biyenan kong lalaki na lumitaw na lang at naglalakad sa tabi ko. Ang biyenan kong lalaki ay matagal nang wala't mag-wawalong taon na, sampung taon na rin. At, nung siya ring minuto na 'yun, naroon ang biyenan kong babae na papalapit para katagpuin ang biyenan kong lalaki. Nung mismong sandali na 'yun ay namatay ang biyenan kong babae.

³⁴ At pagkatapos ng mga dalawang oras, nung paglapag ko sa Miami, tumawag ako para alamin kung ano nang kalagayan sa bahay. Yung biyenan ko pong babae (walang mga ngipin) siya nga'y sumingap nang makadalawang ulit, tapos namatay. Yung anak niyang lalaki, di pa handang mamatay; masasabi't pansin naman, na may pagka-lasenggo siya; pumutok na lang, 'yung namuong dugo sa kanyang tiyan, at nagtalsikan ang dugo mula sa kanyang bibig, sa iba't ibang direksyon.

³⁵ Tinawagan ako ni Kapatid na Shakarian nung isang araw. Sabi niya, "Kapatid na Branham, wala pa nga akong kahit ano na sadyang nagpaantig sa akin nang husto, nang mabalitaan ko 'yan." Kita n'yo, sakto talaga na tawagin niya ako palabas ng pangitain na 'yun, para mawala 'yun, para di namin malaman agad kung sino 'yun, nang sa gayon maging isang bagay 'yun na matutuklasan niya pagkatapos. Sabi niya, "Naniniwala ako

na ang pagmi-ministryo ay nagpapasimula na mismo ngayon na magkaroon ng epekto.” Mangyari nawa.

³⁶ Nawa, sa dakong ito ng Phoenix, may bagay na mangyari na magbibigay inspirasyon sa bawat isa, na ang Espiritu Santo ay bababa sa kalagitnaan natin at gagawa ng isang bagay na magbubunsod sa atin na higit pa natin ang ating kagayakan at maghanda sa Kanyang Pagdating. Magpala ang Panginoon.

³⁷ Ngayon, para di na kayo patagalin pa, dahil nakatayo kayo. Pero kayo po’y sadyang maiinam na mga tagapakinig, ako—ako nga’y parang kaya kong mangusap dito nang buong gabi. Pero di ko naman gagawin ’yun, sa palagay ko nama’y di ko ’yun gagawin, pero sa tingin ko’y kagabi haya’t iniisip n’yo siguro na baka sinasadya kong mapahaba.

³⁸ Bibigyan ko lang po kayo ng kaunting pahiwatig. Ako po’y nangusap tungkol sa isang paksa nung isang umaga, doon po sa tabernakulo sa amin, nag-umpisa nang alas nuwebe y media, at nagtapos nang alas dose y media; pero sinabi ko naman agad, bago pa; sa paksang: *Pakikinig, Pagkilala, At Pagkilos*. Siguro sa isang hapon ng Linggo, o parang ganoon, tatalakay tayo sa siya ring paksa na ’yan. Halos buong sangtaon, na nakikipag-ugnay sa akin ang Espiritu Santo na mangusap sa bagay na ito, at hayon na nga’t naipangusap ko na rin sa wakas sa iglesya. Di ko lang maalala kung gaanong karaming teyp ang nadala ng mga kalalalahan, bago kami bumiyaha, na nadala nila.

³⁹ Tayo po’y bumuklat na sa ating mga Biblia, nang madali, sa ika-7 kabanata ni San Mateo, at (tayo) simulan nating magbasa sa ika-24 na talata.

Kaya’t ang bawa’t dumirinig ng aking mga salitang ito, at ginaganap ang mga ito, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato:

At lumagpak ang mga ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at hindi nabagsak: sapagka’t natatayo sa ibabaw ng bato.

At ang bawa’t dumirinig ng aking mga salitang ito, at hindi ginaganap ang mga ito, ay matutulad sa isang taong mangmang, na itinayo ang kaniyang bahay sa mga buhanginan:

At lumagpak ang mga ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at . . . nabagsak: at kakilakilabot ang kaniyang pagkabagsak.

⁴⁰ Nawa’y idagdag ng Panginoon ang Kanyang pagpapala sa sandaling ito sa pagbasa ng Kanyang mga Salita. Nais ko pong mangusap nang ilang sandali sa paksang ito ng *Ang Papanating Na Bagyo*. At nagtitiwala ako sa Diyos na magagawa nating itagubilin ang ating sarili sa Espiritu Santo. Dahil, alam naman

ng lahat na di ako mangangaral. Haya't, may mga mangangaral sa likuran ko. Di po ako nagkamit ng anumang edukasyon para maging isang ministro. Pero sa sarili ko pong makaluma, na mabagal na pamamaraan, pero ako'y . . . Haya't binigyan ako ng Panginoon ng ibang bagay para gawin. Pero gusto ko pong kumuha lamang ng kaunting oras para maihayag ko ang bagay na nalalaman ko patungkol sa Panginoon at—at ang tungkol sa Kanyang kabutihan, at magawa kong sabihin sa ibang mga tao ang tungkol dito. At ngayon sa gabing ito ay mangungusap tayong sa paksang ito ng *Ang Paparating Na Bagyo*. At kung ako man ay magkulang, sa pananalita, para maihayag ko ang akin pong nararamdaman sa puso ko, dalangin ko na ang Espiritu Santo ang maghayag nito.

⁴¹ May binabanggit si Jesus dito na isang paparating na bagyo na tatama sa bawat lalaki't bawat babae na naipanganak sa mundong ito. Wala ngang kahit anong paraan para makaalpas mula rito. Ang bagyong ito'y tatama't tatama sa iyo sa isang panahon o sa isa pa. At nakasalalay 'yan sa klase ng pundasyon na mayroon ka, kung ang bahay mo'y makakaya nitong tagalan 'yun, o hindi.

⁴² Napakaraming mga buhay ang naligtas dahil sa pagiging handa sa mga bagyo. At napakaraming buhay din ang nawala dahil sa di pagsunod sa babala ng mga bagyong parating.

⁴³ Di pa katagalan, may nabanggit sa aking kuwento na nangyari, sa pagkakaalala ko'y nabasa ko ito sa isang diyaryo sa Florida.

⁴⁴ Napakarami nga nilang malalakas na bagyo na dumaraan dito sa Florida, mga malalakas na unos na galing pa ng dagat, at nagdadala ng tubig (na abot nang isang seksyon ng siyudad) papasok sa mismong looban ng siyudad, at talagang tinatangay ang lahat. At nabanggit sa akin na 'yung mga tagapag-antabay nila ng ulat ng panahon ay laging nakabantay sa paparating na ganoong mga bagyo. At may paraan sila dun, sa pamamagitan ng—ng iba't ibang elemento, na magagawa nilang talastasin ang pagbabago-bago ng panahon at atmospera, na, kung saan bang direksyon papunta't magkukumpol-kumpol ang panahon, na magdadala ng isa sa mga bagyong ito; dahil inilaan nila ang buong buhay nila sa pag-aaral ng mga ito, at sa pamamagitan ng ilang mga instrumento't mga kagamitan na inilaan sa kanila ng siyensiya. At sa pamamagitan ng paunang pag-aantabay, at pakikinig sa kung saang direksyon paparating ang bagyo, kung gaano bang kalakas na hangin ang nakalakip dito; kung saan bang direksyon ang tungo ng ibang mga bagyong paparating, 'yung mga hangin, kung magagawa ba nitong kontrahin, para tangayin palayo ang naturang bagyo.

⁴⁵ Magagawa ko ngang huminto rito at mangaral nang isang oras patungkol rito, na kinakailangan ng mas malaking bagyo

na paparating, kinakailangan ng mas mataas na hangin para ibahin ang direksyon ng bagyo na 'yun. At ganoon nga ito sa panahon ngayon! At lahat tayo'y alam natin na may paparating na isang bagyo. At ang tanging Hangin na nalalaman ko, na kayang pihitin ang bagyo na 'yun, ay yaong humahagibis na Hangin na bumaba nung Araw ng Pentecostes. Nabanggit sa akin na may mga kalalakihan maging sa siyudad ngayon, na nagsasalita laban sa komunismo, at mainam nga 'yun. Pero, 'yung pagsasalita laban dun ay di sapat, kinakailangan natin ang isang bagay para pihitin ang bagay na 'yun. At mangyari nga na may iisang bagay lamang na magagawang pihitin ang bagyo na 'yun, at, 'yun ay, isang mas makapangyarihang Bagyo na magagawang pangibabawan 'yun at ibahin ang mismong direksyon nun.

⁴⁶ At itong mga tagapag-antabay ng panahon sa Florida ay tunay na saktong iniulat nilang pag-aantabay sa panahon. Sila nga'y inilagay sa layuning 'yun, na balaan ang mga tao.

⁴⁷ May binabasa nga ako noon, di ko lang maalala kung saan, sa pagkakaalala ko ay sa isang diyaryo, patungkol sa isang bagyo nga ilang taon na ang nakalipas, na patahak na noon sa Florida, sa sentro ng Florida, at 'yung lahat ng mga karatig na rehiyon sa palibot ng Okeechobee ay—ay binalaan. Kaaalis ko lang doon nang mga limang linggo na ang nakararaan. At may isang kapitbahay na lalaki dun na laging nakatutok sa radyo anumang oras, dahil sa mga bagyong ito, at isa nga siyang kilalang Cristiano. At nabalitaan niya na may malakas na unos na paparating sa direksyong 'yun, na talagang pinadadapa maging 'yung mga puno, at ang lahat ay binalaan para lumikas sa dakong ligtas.

⁴⁸ At naisip niya 'yung kapitbahay niya na may paalagaan ng mga manok, at magagaan lang 'yung mga bahay nila dun na pinamamahayan nung mga manok, 'yung pinangingitlugan na mga bahay, at iba pa, at mga kulungan nila. Na haya't, lahat ng mayroon sila sa buhay nila ay galing dun sa pag-aalaga nung mga manok na 'yun, na kanilang ikinabubuhay. At 'yung lalaki nga'y nagmadali nang husto, na nagkukumahog, hanggang sa makarating sa may pintuan, at inihinto 'yung kotse niya roon at dagling lumabas, at sinabi sa isang taong ito, "Dalhin mo ang lahat ng mga manok mo't ilikas sila sa silungan mo laban sa bagyo, at magmadali kang lumikas patungo dun sa lugar ko, dahil may paparating na unos o bagyo na talagang padadapain ang lahat ng madadaanan nito."

⁴⁹ At mangyaring tumayo lamang dun ang lalaki at tiningnan siya sa mukha, at tinawanan siya't, ang sabi pa'y, "Kalokohan! Narinig ko nang nag-ulat sila ng ganoong mga bagay dati, at di naman nangyari."

50 At sadya ngang nag-aapura na ang kapitbahay na ito na isang Cristiano, sabi niya, “Pero paano kung mangyari?”

51 Marami na tayong narinig na ganyang mga pangungusap, na parang ganyan, “Lagi ko nang naririnig na kesyo *ganito* raw ang mangyari, at kesyo *ganoon* daw ang mangyari.” Pero hayan ngang mangyari talaga ito mismo isa sa mga araw na ito! At nararapat nga sa atin na makinig sa bawat babala.

52 Pero ang lalaki ngang ito’y ang sabi, “Wala akong panahon sa ganyang mga kalokohan. Abala ako sa pag-aalaga ng mga manok, at wala akong panahon sa *ganyan*.”

53 At napasigaw na talaga siya! Itong kapitbahay nga’t ang sabi, “Sa Pangalan ng Diyos,” sabi niya, “kung *ganoon* ay iwanan mo ’yang mga manok na ’yan, John, at huwag ka nang magpatumpik-tumpik pa’t, ilikas mo na ang sarili mo’t pamilya mo. Kung ayaw mong maniwala, hayaan mong lumikas maski ’yung pamilya mo na lang.”

54 At ang sabi niya, “Hindi ko hahayaang ang mga anak ko’y magkandarapa sa kung anong babala lang sa radyo. Ang mga anak ko’t ako’y nakapagpasya na na kami’y mamumuhay sa kung papaano ako mamumuhay. At makikinig sa akin ang maybahay ko dahil ako ang padre de pamilya ng tahananang ito, at kaya naman makikinig siya sa akin. Ako ang nasusunod dito, at di ko papayagan ang mga anak ko na magkumahog o magitla sa kung anong kalokohan na ’yan.”

55 At pinagtabuyan na ’yung kapitbahay, At nagpunta na lang siya sa bahay niya, doon sa silungan niya.

56 At, bigla na lang, ’yung kaulapan ay nagkumpulan na sa ibabaw niya bago pa nila ’yun mamalayan! Sa ganoong paraan nga humahagupit ang kahatulan. Dumarating na lang ’yun nang biglaan, magtataka ka kung papaano ’yun dumating doon nang ganoong kabilis. Nakikinita ko nga ang malulupit na mga tao, na lumapastangan minsan sa Diyos, na humantong sila sa pagkabagsak at nagsisigaw, at nagsasabi, “Papaanong *ganito* ang trato Mo sa akin?” Yung buong, kabuoan nung pundasyon ay sadyang gumuho sa mismong kinatatayuan niya nang isang iglap. Napakahalaga talaga na makinig sa babala.

57 Oh, marahil magagawa n’yong pagtawanan ang mensahero, marahil magagawa n’yo pa ngang ipapatay siya. Pero, hinding-hindi n’yo mapapatay ang Mensahe, Ito’y uusad at uusad ano’t anuman. Ang Mensahe ng Diyos ay Walang Hanggan. Ang Mga Salita Niya’y di nabibigo.

58 Si Pablo nga’y naging matagumpay nung ipabato niya si Esteban. Pero sa buong tugaygay ng buhay niya, hanggang sa maisuko niya ang kanyang sarili kay Cristo, kailanma’y di siya nakatakas palayo sa Mensaheng ’yun, “Nakita kong bukas ang mga langit, at si Jesus ay nakatindig sa kanan ng Diyos.” May

kung anong bagay nga na nanghumawak sa kanya. Hindi ang mensahero, kundi ang Mensaheng taglay-taglay nito.

⁵⁹ Habang 'yung bagyo'y bumabayo sa buong bansa, tinangay nun ang bahay ng mga manok at maging 'yung magmamanok, at di nila kailanman natagpuan ang kanyang katawan.

⁶⁰ At 'yung asawa niya, talagang lumalaban. At nakatira nga sila sa tabi ng malaking Lawa ng Okeechobee, at 'yung tubig nun ay unti-unting umaapaw habang hinihigop nung unos ang lahat ng mga tubig mula sa kalalim-laliman ng lawa. Yun nga ang dahilan at napaka mapanganib nun; malambot lang 'yun sa ilalim, kaya umuuga-uga ang mga bangka, at 'yun ang dahilan kung bakit tumataas ang alon at pinatataob ang mga bangka. Hayan nga ang bagyo na parating at talagang pinaikot-ikot ang tubig pataas at hinihigop 'yun nang milya-milya ang layo. At 'yung tubig nga'y humahambalos, hanggang sa, ang nanay ay napagtanto niya na wala na talagang magagawa't dalhin na lamang ang kanyang mga anak sa ibabaw ng gusali. At tinipon niya ang mga anak niya, at inilikas sila sa ibabaw ng gusali, pinakapit dun sa tsimineya ng bahay.

⁶¹ At 'yung mga hayop sa ilang, 'yung Cottonmouth Moccasin, sa palagay ko, na isang mas nakamamatay na ahas kumpara sa inyong Diamond Rattler. Ang mga ahas na 'yun ay gumagapang patungo sa ligtas na lugar, at ang mga 'yun ay nagsiakyat din kasama nung babae. At dahil sa pakikinig sa kanyang asawa, at di pagtalima dun sa babala, siya nga'y . . . nagpapadyak dun at pinaghahampas niya, pero sa pagkakatayo nga niya roon ay pinanood na lamang niya ang mga nakalalason na mga ahas na 'yun na tinuklaw ang kanyang mga anak hanggang sa mamatay sila sa ibabaw ng bubong. At 'yung nanay ay tinuklaw-tuklaw din siya mismo na sa huli'y namatay din siya, at doon nga natin nakuha ang kuwentong ito. Matapos na humupa na ang bagyo, at 'yung mga pangkat ng nagpapatrol ay naghahanap ng mga katawan, at iba pa, natagpuan nila siya na nakahandusay dun sa ibabaw ng bubong, na 'yung mga anak niya'y nakahandusay din sa tabi niya.

⁶² Oh, napakahalaga ngang makinig sa babala! Ang unang bagay nga na dapat gawin, bago pa magkaroon ng babala, ay kinakailangang maglatag ng paghahanda para sa kaligtasan, o walang kabuluhan ang magpadala ng babala. At ang babala ay isa lamang tinig ng isa na nagsasabi sa inyong maghanda para sa papalapit na panganib. Pero kinakailangan ng paghahanda na dapat ilatag unang-una sa lahat. At kapag nailatag na ang paghahanda, haya't ang babala'y puwede nang pausarin para ibunsod ka na gumawa ng iyong pagpapasya, kung ikaw ba'y makikinig, o hindi. Kung ayaw mong pakinggan 'yun, buweno, desisyon mo na 'yun. Kung ikaw nama'y makikinig dun, may kaligtasan.

63 Ganoon din ang pamamaraan ng Diyos. Kumikilos tayo sa pamamaraan ng Diyos, sa ganoong paraan. Ang Diyos, nung panahong una, noong ang sanlibutan bago ang malawakang pagkawasak dahil sa baha, noong ang mga tao nung panahon na 'yun ay naging lubhang masasama't sadyang makasalanang, na di nga 'yun maatim na tingnan ng Diyos at makasumpung ng katuwiran.

64 Ang Diyos ay matuwid, at Siya'y may mga batas. Kapag ang mga batas na 'yun ay mabali. . . Anumang batas na mabali, na walang karampatang kaparusahan, ay hindi batas. Hindi mo nga maaaring baliin ang mga batas ng Diyos nang walang kabayaran sa panig na kinauukulan dun. Sasapit at sasapit ka nga roon. Sinabi ng Biblia, "Talastasin n'yo na aabutin kayo ng inyong kasalanan."

65 At ano po ang kasalanan? Gusto ko pong huminto muna rito pansumandali. Marami ang iniisip na ang paninigarilyo ay kasalanan. Hindi. Marami ang iniisip na ang pagsisinungaling ay kasalanan. Hindi. Yang pangangalunya, hindi 'yan ang kasalanan. Yan ang mga bunga ng di pagsampalataya. Kayo, ang dahilan kung bakit n'yo ginagawa ang mga bagay na 'yan ay dahil di kayo mananampalataya.

66 May dalawang bagay lang po kasi, haya't, alinman sa isa kang mananampalataya o isa kang di mananampalataya. Kung isa kang mananampalataya, hindi mo gagawin ang mga bagay na 'yun. Kung ginagawa mo ang mga 'yun, hindi ko alam kung anong klaseng pagpapahayag ang mayroon ka; pero, kung iyo ngang ginagawa ang mga 'yun, "ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo." Yan mismo ang sinasabi ng Biblia! Napakarami nating pagpapahayag na wala namang paghawak dito; napakaraming pagsasabi lamang, at di naman ipinamumuhay.

67 Iniisip ko nga, rin, na napakarami nating kasanayan sa pangangaral, at di naman ganoong karami ang ipinamumuhay ang pangangaral. Napakainam sana kung naipamumuhay natin ang ating ipinapangaral, na ang bawat isa sa atin ay ministro na maituturing. Mas mainam nga na ipamuhay mo sa akin ang isang pangangaral kaysa sa ipangaral mo ito. Sinabi ng Biblia na, "Kayo ang nasusulat na sulat ng Diyos, na nababasa ng lahat ng mga tao." Kaya, mas lalong mainam na ipamuhay ang pangangaral.

68 Ang kasalanan nga'y dahil sa hindi n'yo pagsampalataya. Hindi ba't sinabi ni Jesus, nung mga araw na narito Siya noon sa laman sa lupa, hindi ba't tinawag Niya. . . Ang mga taong 'yun na di naman nagsisinungaling, na di naman nagnanakaw, na di naman nangangalunya, na matutuwid naman na mga kalalakihan, na mga mangangaral, na mga saserdote, ang sabi Niya, "Kayo ay sa inyong amang, diyablo," dahil hindi nila

masampa-sampalatayanan ang Anak ng Diyos. “Siya na hindi sumasampalataya ay hinatulan na agad.”

⁶⁹ Di pa katagalan, nagdadaos ako noon, tumatawag ako noon para sa pagdulog sa altar. Gustung-gusto ko nga ang Juan 5:24. “Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Walang Hanggang Buhay; at di mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Ang sumasampalataya!

May nagsabi, “Napakababaw naman n’yan.”

⁷⁰ Hindi, napakalalim po nito, itong, “Manampalataya ka!” “Walang kahit sino ang matatawag si Jesus na ‘Cristo,’ maliban na sa pamamagitan ng Espiritu Santo.” Kapag nasa sa inyo ang Espiritu Santo, hayan nga’t sumasampalataya ka hanggang sa Buhay na Walang Hanggan, at kamit na ang Buhay na Walang Hanggan. “Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan; at di mapapasok sa kahatulan, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Paghahanda, sadya ngang naghahanda!

⁷¹ At nakita nga ng Diyos ang kasamaan ng mundong ito, at nakita ang masama’t mapangalunyang salinlahi na ito, at ang kabanalan Niya’y hindi ito maatim.

Oh, sa makasalanang mundong ito!

⁷² Huminto nga ako nung isang araw, nung papunta kami para mamili ng pangangailangan sa bahay, kasama ang aking maybahay. At pinag-uusapan namin ang isang kabataang babae sa bayan namin. Napakalamig ng panahon nun; at may suot namang makapal na balabal, at ang pananamit nga lang ay di kaaya-aya, suot-suot’yung maiikling shorts na’yun, na suot-suot nila kadalasan kapag tag-init; at samantalang nung panahon na’yun ay may mga maninipis na piraso na ng niyebe sa lupa. At sabi ng maybahay ko, “Alam mo’yung babaing’yun haya’t di siya kumportable sa suot niya.”

At sabi ko, “Hindi nga. Wala lang siya sa tama niyang pag-iisip.”

At sabi ng maybahay ko, “Buweno, nag-i-eskuwela naman siya rito sa mataas na paaralan dito.”

⁷³ Tapos sabi ko, “Marahil nag-i-eskuwela siya sa mataas na paaralan, pero hindi ibig sabihin nun ay tama na ang lahat.” Sabi ko, “Di kasi puwedeng nasa tamang kaisipan siya tapos ganoon.”

⁷⁴ Minsan nga nagpunta kami ng Alemanya. Nasa Alemanya ako noon, sa isang malaking gawain na nagkakaloob sa amin ang Panginoon ng mga nasa...ng mga nasa sampung libong kaluluwa, sa isang gabi. At ako nga’y nagulat isang gabi nung pagkagaling ko noon sa pagtitipon, at—at lumakad ako sa may

kalsada patungo sa lugar kung saan naimbitahan ako para sa isang munting salo-salo. At papatapos na noon ang pagtitipon, at 'yung lahat ng mga Cristiano'y nakapaikot dun at nakaupo sila, umiinom ng serbesa. Buweno, ang Amerika, Canada, at Inglatera lamang, ang tanging mga bansa na nalalaman ko na di pinapayagan ang mga Cristiano na uminom. Hindi sila nalalasing; liban sa atin na mga Amerikano. Tapos nung. . . Di ko nga ininom 'yung akin. Kaya, mga ilang sandali pa, may tanong-tanong dun sa palibot ng mesa, "Anong problema," na di ko kasi iniinom 'yung serbesa ko, "hindi ba 'yun masarap?"

⁷⁵ At nakaupo noon sa tabi ko si Doktor Guggenbuhl, na nagbigay sa akin ng interpreter. Sabi ko, "Ano 'yung pinagbubulungan nila, tungkol sa akin?"

At sabi niya, "Nagtataka sila kung bakit di ka umiinom."

⁷⁶ Ngayon, alam kong may nasusulat: na kapag nasa Roma ka, dapat na magpaka Romano ka. Pero ang sabi ko, "Sabiin mo ito sa kanila: 'di ko naman sila hinuhusgahan. Pero ako kasi'y naipanganak sa ilalim ng Nazareo na kapanganakan, na di ako dapat uminom.'" Di ko sila gustong masaktan. At naintindihan naman nila, nagpatuloy sila sa pag-inom nila.

⁷⁷ At mangyari ring sa Italya na nasumpungan namin dun ang ganun ding bagay. At sa maraming iba't ibang panig ng mundo, kapag magpupunta kayo sa mga bansang ito, masusumpungan n'yo roon ang espiritu ng ganoong bansa.

⁷⁸ Naalala ko nung minsang binalaan ako ng Espiritu Santo na huwag magpunta sa YMCA sa Finland. Hindi ko alam kung ano bang mayroon dun noon. At nalaman ko na lang, na may mga babae pala dun na nagpapaligo sa mga nagpupunta roon. At lumayo ako roon, at di ako pumasok kasama sina Doktor Manninen at ang iba pa, para lumusong. At nalaman ko, na 'yung mga babaing taga-paligo ay hinihilod nila 'yung mga kalalakihan dun. At sabi ko, "Wala 'yan sa ayos!"

⁷⁹ "Buweno," sabi niya, "Kapatid na Branham, kasing ayos din naman ito gaya nung mga nars n'yo sa Estados Unidos." Sabi, "May pagsasanay sila sa bagay na 'yan."

⁸⁰ Sabi ko, "Di ko alintana gaano man silang sinanay, hindi kailanman nilayon ang ganyang pamamaraan! Dinamitan sila noon ng Diyos, at ginawa silang magkaiba!" Siyanga! Pero di nga nila Yun pinansin.

⁸¹ Sila'y mga taga-Finland, kalugud-lugod na mga tao, pero hayun nga mismo ang espiritu ng bansang 'yun. Saan man kayo magtungo, masusumpungan n'yo ang espiritu ng isang bansa. At sa pagtungong n'yo rito sa Amerika, tatambad na agad sa inyo 'yun, dito kasi ang pinaka masama sa lahat.

⁸² At ang sabi sa akin ng maybahay ko, "Hindi ba't, ang mga taong 'yan ay nagpupunta rin naman ng simbahan, at lagi ko

ngang pinagtatakahan kung bakit di nun nililiglig ang kanilang konsiyensya.”

Sabi ko, “Mahal kong asawa, sige’t sasabihin ko sa iyo. Sila kasi’y mga Amerikano.” Sabi niya, “Buweno, hindi ba’t, tayo rin naman?”

⁸³ Sabi ko, “Hindi.” Sabi ko, “Nakatira lang tayo rito. Pero tayo nga’y ipinanganak mula dun sa Kaitaasan, ang Espiritu ng Diyos ay bumaba sa atin.”

⁸⁴ Kaya naman, tayo’y pawang mga taga-ibang bayan at mga manlalakbay lamang dito, di ito ang dakong pinamamalagian natin. Kundi hinahanap natin ang isang Bayan na parating, Na ang Nagtayo at ang Gumawa ay ang Diyos. Kaya naman, kung kayo’y ipinanganak mula sa Kaitaasan, taglay mo ang Espiritu Santo na bumaba mula sa Diyos, na bumago sa’yong kalikasan. Kahit na, ang kapatid mo mang babae, ang nanay mo, ang iyong—ang iyong matalik na kaibigan ay ganoon manamit; pero hayan ngang ang isang Cristiano na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, ay ipinanganak mula sa Kaitaasan, at ang kanilang Espiritu ay mula sa ibang Kaharian. Oh, ganoon na lamang ang kagalakan ko rito! Dito sa kasimplehan ng Espiritu Santo; na Ito’y sundin, na Ito’y antabayanan, kung papaano Ito kumilos, pakilusin ka nang nararapat.

⁸⁵ Ganoon nga ’yun sa panahon noon ni Noe, at ang Diyos ay talagang napuno na dahil dun! Pero bago nga Siya nagpadala ng bagyo para sirain ang buong mundo, ang Diyos ay naglaan ng paghahanda para dun sa mga nagnanais na makalayo mula roon. At nakikinita ko nga si Noe na nakatayo roon sa may pintuan ng daong, nangangaral ng katuwiran. Oh, hindi nga ganooong karami ang nakikinig sa kanya.

⁸⁶ Ang mga tao nga roon ay katulad sa panahon ngayon. Ang gusto nila ay mapagkakatuwaan, hindi ang Ebanghelyo. Sa aba nga nila na mga ebanghelistang maka-Hollywood na may takot na tawaging kasalanan ang “kasalanan!”

⁸⁷ Ang kailangan nga nati’y mga makalumang, panliblib na mga mangangaral na taglay ang Espiritu Santo, na hindi takot na ipangaral ang mismong Ebanghelyo nang di pinagtatakpan ang kanilang mga kamay, na walang pinantatakip na kung anong gomang guwantes; bagkus ipinapangaral ang Pagparito ng Panginoong Jesus, kahatulan sa mga masasama, at Langit para sa mga matutuwid, at ang napipinto nang pagdating! Ano bang panahon? Hindi ko alam, at walang ibang nakakaalam. Pero binabalaan ko ang aking henerasyon. Kung ito’y darating na ngayon, gusto ko silang mabalaan.

⁸⁸ Nakikinita ko nga si Noe sa may pintuan ng mismong daong na ’yun. Oh! Gusto kong tumugaygay sa isang bagay na ito, na hindi nawa magtuluy-tuloy sa ganoon; pero si Noe nga’y

nakatayo roon sa may pintuan, ang tanging daan patungo sa kaligtasan.

⁸⁹ Nakikinita ko rin si Moises, hayan din, na nakatayo sa may pintuan, na may dugo sa itaas nung pintuan, nangangaral ng kahatulan, na may dugo sa itaas nung pintuan.

⁹⁰ Ngayon, si Jesus ang Pintuan ng kulungan ng mga tupa, ang mga ministro ng Ebanghelyo'y nakatayo roon sa mismong Pintuan na 'yun, nagsusumamo sa kongregasyon na lumikas na sa kaligtasan.

⁹¹ At di na nga nakapagtataka na anupa't napakarami ng nagtawa lamang kay Noe, tinuya siya. Sinabi ng Biblia, "Sila'y manunuya." Nauulinigan ko nga sila na sinasabi 'yung parang ganito, "Noe, kung wala kang maipapakita sa amin na mas mainam na mapagkakatuwaan maliban diyan, mananatili na lang kami sa bahay namin."

⁹² Ang sanlibutan ngayon, ang Amerika, di nga nila gusto ang Ebanghelyo. Ang gusto nila'y mapagkakatuwaan. Ang gusto nila'y may kung anong bagay sila na maglilibang sa kanila; na iba't ibang kinahuhumalingang musika, o kung anong kagaya nun, o kung anu-anong kasiyahan na magsasama-sama sila, na sige't ihaw-ihaw sila rito. Na, ang mga bagay na 'yan ay ayos lang naman, sa labas ng simbahan. Pero ang loob mismo ng simbahan ay dako kung saan ang paghuhukom ay nararapat na ipangaral sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, at magbabala. Ang paghuhukom ay nagsisimula sa bahay ng Diyos! Di sama-samang kasiyahan; paghuhukom!

⁹³ Si Lot ay binalaan. At 'yung mga Anghel, gayong di niya nakilala na mga Anghel sila, nung magpunta sila roon, dala-dala ang kanilang mensahe para sa Sodoma, "Umalis ka riyan sa makasalanang dako na 'yan! Ang Diyos ay may inilaang daan para sa iyo para makaalpas. Umalis ka sa makasalanang lugar na 'yan!

⁹⁴ Sinabi ni Jesus, "Kung papaanong gayong din sa mga araw ng Sodoma." Masdan n'yo kung anong klaseng pamumuhay ang ipinamumuhay nila ngayon. At ikinumpara ni Jesus ang araw na 'yun sa araw mismo ngayon. Talagang makasalanang!

⁹⁵ Masdan n'yo nga nung sabihin ni Lot ito sa mga kababayan niya roon. Pinagtawanan lang nila siya, tinuya siya. "At ang kasalanan ng bayan, ay lubhang hinapis ang kanyang matuwid na kaluluwa." Yung mensahe nung mga Anghel ay di man lang sila natigatig, walang epekto sa kanila. Pero sila'y sinabihan na lumikas na, dahil ang kahatulan ay bababa na sa bayan, at ang Diyos ay magpapadala na ng bagyo ng apoy sa bayan na 'yun. At sila'y tumangging lumakad. Tumanggi silang umalis. Sila'y natutuwa pa mismo sa kanilang pagkakasala.

⁹⁶ Ang mga tao sa panahon ngayon ay tila ba tuwang-tuwa sa kanilang pagkakasala, dahil haya't may bagong kotse naman

tayo, dahil nakakakain naman tayo nang tatlong beses sa isang araw, nakatutulong sa malinis na kama. Maiinam 'yan. Pero, gayong kay iinam ng mga ito, pero heto ngang nililimot natin ang Diyos kapag dumarating ang kasaganaan na tulad n'yan. Sa palagay ko'y ganoon tayo. Tayo na mga mangangaral at tayo na mga Cristiano haya't interesadong-interesado tayo sa—sa programa ng pagpapatayo ng mga bahay-sambahan natin at sa pagpapaganda ng mas maiging bahay-sambahan, o parang ganoon, o mas malaking bahay-sambahan, mas kumportableng maupuuan. O, haya't alam n'yo kung paano't ano ang ibig kong sabihin dito. At nakakaligtaan na natin ang mahalagang bagay: paghuhukom, katuwiran, Kapangyarihan ng Espiritu Santo, pagkabuhay na mag-uli, Walang Hanggang kahatulan.

⁹⁷ Hindi nga nabigong ipangaral nung Anghel ang mensahe. Gayong sinubukan ng mga tao na pigilan Sila, pero ang Kanila ngang mensahe ay sadya ngang nailahad ano't anumang.

⁹⁸ Ngayon, napansin n'yo ba, na kagaya lang ito sa isang tao na magsasabi, "Heto't tatanggihan ko na sumisikat ang araw. Wala akong gustong maging kahit anong kinalaman tungkol sa araw." Ipipikit ang kanyang mata't, magpupunta sa ilalim ng kanyang bahay, at magsasabi, "Heto't sadyang tinatanggihan kong malaman na ang araw ay sumisikat."

⁹⁹ "Aba," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, ang tao na 'yun, may kung anong problema siya sa pag-iisip."

¹⁰⁰ Buweno, ang isang tao na tatanggi kay Jesus Cristo, ay ganoon na ganoon mismo ang kalagayan. Ang Espiritu Santo nga'y mas realidad pa kung tutuusin kaysa sa sikat ng araw. Ang araw ay maaaring pumalya, pero ang Espiritu Santo'y di kailanman papalya. Di lang Ito nagliliwanag para sa pandama nating makakita, pero Ito nga'y nagliliwanag para sa kaluluwa, isang Liwanag ng kaluwalhati-ang gumagabay sa atin patungo sa Diyos, na pinasusuway. . . o pinasusulyap, ibig kong sabihin, ang Kalbaryo sa atin, at ang mga paghihirap ng Panginoong Jesus; ang paparating na kahatulan, at ang pag-alpas para sa kanila na nagnanais na makalapit. Mas nanais kong maging ganap na bulag, sa pisikal, at taglay ko naman ang espirituwal kong paningin; kaysa sa ganap na bulag, sa espirituwal, at taglay ko ang pisikal kong paningin. Mas gusto kong taglay ko ang espirituwal na paningin.

¹⁰¹ Pansinin, ano ngang mali dun sa tao na 'yun? Yung, mga kaibigan niya, magpupunta nga sa kanya't magsasabi, "Jim," John, o anumang marahil ang pangalan niya, "mali ka. Lumabas ka riyan sa naggigitata't maruming ilalim na silid na 'yan, na puno ng amag."

¹⁰² Haya't siya nga'y titindig dun at sasabihin, "Sasabihin ko nga sa inyo, masaya na ako rito sa kinalalagyan ko!" Hindi nga niya gusto 'yung—'yung pagsalubong ng sikat ng araw. Hindi

niya gusto 'yung sinag nito na nagpapagalang. Hindi niya gusto ang karikitan nito, ang—ang init nito para sa kanyang buhay. May kung anong bagay nga na mali sa taong 'yun.

¹⁰³ At ganoon na ganoon din ito sa isang lalaki o babae na gustong manatili rito sa maruming sanlibutan, na ikinukulong ang sarili sa inaamag na kasalanan ng di-pagsampalataya, at sasabihin, “Ang mga araw ng mga himala’y lipas na. Walang ganyang bagay na Makalangit na pagpapagalang. Walang Espiritu Santo.” Dahil 'yan sa pagtanggì n'yo na lumabas mula rìyan sa inaamag at kublihan ng diyablo, at sa impierno, at sa kasalanan, at sa kapalaluan.

¹⁰⁴ Lumakad kayo sa Liwanag ng Ebanghelyo, na magdadala sa inyo ng init! Oh, sadyang nagbibigay Ito ng kaghinhawaan! Ang makita ang paparating na mga paghatol, at ang nilalasp ay ang kaghinhawaang pakiramdam ng Espiritu Santo! Narinig n'yo na siguro ang usap-usapan nila patungkol sa mga bomba atomika? At isipin n'yo na lang ang nangyari, ang kapayapaan na lampas na kayang liripin ng kaunawaan! Hayan nga't, di nga puputok ang bomba na 'yun mula sa kanyon hangga't mapadako muna tayo sa Presensya ni Jesus, taglay ang Walang Hanggang Buhay; tayong matatanda na, babalik na muli sa kabataan; ang mga sanggol, ay magiging kabataan; na wala nang kamatayan o kapighatian man. Oh! Kalugud-lugod na bagay nga! Sinasabi n'yo ba na may tao na tatanggì na lumikas at lumakad Doon? May kung anong bagay nga na mali sa tao na 'yan.

¹⁰⁵ Darating din sa punto, na kung di siya makakuha ng sinag ng araw, ay mamumutla siya. Mamumutla siya nang husto, na siya'y magkakasakit.

¹⁰⁶ Yan nga ang nangyayari sa sanlibutan ngayon. Yan ang nangyayari sa marami sa mga kaiglesyahan natin ngayon. Nagkakaroon tayo ng anemia. Kailangan natin ng pagsasalin ng dugo. Namumutla, dahil bumabagsak tayo, ang espirituwal nating kalusugan ay bumabagsak. Wala na tayong kasiglahan, na maghanap ng mga kaluluwa, na—na magbabala sa mga tao, na akayin ang mga kapitbahay natin, akayin ang mga kaibigan natin, ang tagapaghatid ng gatas, ang tagapaghatid ng diyaryo. Ano pa man, mag-akay tayo ng sinuman sa Panginoong Jesus! Namumutla tayo; pinalalampas natin na makalakad tayo roon sa labas sa Liwanag, na ating pribilehiyo; pinalalampas natin na makasampalataya tayo sa kalusugang kaloob ng Diyos, sa pamamagitan ng Makalangit na pagpapagalang.

¹⁰⁷ Sinabi sa akin sa Biblia na darating ang isang panahon, na sila na mga wala sa maluwalhating Liwanag na ito ng Anak, na haya't ang mga ibon sa himpapawid ay kakainin ang kanilang laman; na ang mga karamdaman ay hayan na sa daan, na ang mga doktor ay di nila kayang supilin ito. Ang mga ito'y salot ng Diyos.

108 Yung mga doktor ng Egipto, na malayong mas matatalino kumpara sa mga doktor natin ngayon, ay di nila nasupil ang mga salot na 'yun ng Diyos, ni napigil man ng kanilang mga manghuhula't mga manggagaya. Gosen lamang nung panahon na 'yun, at Kapangyarihan ng Diyos, ang siyang nag-ingat sa Kanyang bayan; sa ilalim ng dugo ng kordero!

109 Ang Espiritu Santo ang Pintuan sa panahon ngayon. Ang Espiritu Santo ang kaligtasang 'yun sa panahon ngayon.

110 Nasa isang pagtitipon ako di pa katagalan. Nakatingin nga ako rito ngayon sa isang—isang itim na kapatid na nakaupo rito, sa palagay ko'y, siya at ang maybahay niya. At kanina ko pa siya pinagmamasdan habang nangangaral ako, at itinatango niya ang kanyang ulo, at nagagalak sa pagtitipong ito. At dahil nga riyon ay may pumasok na isang—isang kaisipan sa akin.

111 May isang binatilyo na dumalo sa pagtitipon, minsan. At nung matapos na 'yung gawain, tumakbo siya sa akin, at sabi niya, "Parson!" Isa siyang taga-Timog. At sabi niya, "Parson, gusto ko ikang masumpungan ang Panginoong Jesus, sa gabing ito." Nagdaraos ako noon ng gawaing pagpapagalang.

112 At sabi ko, "Walang problema, kapatid ko, ako nga'y galak na galak na akayin ka patungo sa Kanya."

113 Sabi niya, matapos na maialay niya ang kanyang puso sa Panginoon, sabi niya, "Iniisip ko, sa palagay ko'y nagtataka po kayo kung bakit ganoon na lamang ang pagtakbo ko sa iyo." Sabi, "Nabalitaan ko po na paririto ka sa siyudad, at ako nga'y sumadya para makita kung ano ba't, makita ka." Sabi niya, "Ikukuwento ko po sa iyo ang buhay ko." Sabi niya, "Ako po'y, kung tutuusin, isang liwaliw." Sabi, "Ang matanda kong nanay ay isa pong tunay na Cristiano. Ang mga kapatid kong babae'y mga Cristiano. May isa akong kapatid na lalaki na Cristiano." Sabi, "Ako, 'yung pinaka bunso sa amin, at isa nga akong batang napamihasa, kung tutuusin, dahil bunso-bunso nga ako sa pamilya, at napakabuti nila sa akin." Pero sabi, "Di nga lang ako sumusunod sa nanay ko o sa mga kamag-anak ko na maka-Diyos. Ang gusto ko'y magliwaliw. Ang gusto ko'y mamuhay ng 'isang nakakalalaking pamumuhay.'" Sabi niya, "Ang iniisip ko kasi'y ang pagiging Cristiano ay para bang pambabae, o napakayumi." Sabi niya, "At naging tagapagluto ako't, naging dalubhasa sa pinasok kong larangan."

114 At sabi, "Para bang, may kung anong bagay, na gusto kong makapunta sa Hilaga. At isang araw napadpad ako sa isang kampamento ng mga nangangahoy ng kahoy para panggawa ng papel, kung saan pumuputol sila roon ng mga punongkahoy para panggawa ng papel. At wala akong kapera-pera noon. At sinabi ko dun sa punong namamahala, 'Naghahanap ba kayo ng tagapagluto?'" Binanggit nga nung lalaking ito 'yung mga

pagrerekomenda sa kanya, na nakatago sa bulsa niya, mula sa iba't ibang kilalang lugar kung saan siya naging tagapagluto.

115 At ang sabi nung namamahala, “Buweno, mayron na kasi kami.” Sabi niya, “Pero, tutal, narito ka na rin naman, marahil puwede ka naman naming bigyan ng kaunting pera sa maliliit mong maiaambag na gawain. May matandang itim na babae kami riyang ngayon, na isang mahusay na tagapagluto. Pero sige tumuloy ka, makipag-usap ka sa kanya, marahil magagamit ka niya. At kung ganoon, marahil puwede ka naming maabutan ng kaunting panggastos mo na pera hanggang sa kaya mo na ang sarili mo.”

116 Sabi niya’y ’yun nga raw mismo ang gusto niya. At ang kuwento nga niya’y tumuloy na siya roon at kinausap ’yung matandang babae, at ang kuwento niya’y tumulong-tulong siya nang mga dalawa o tatlong araw.

117 At nung isang gabi, ang sabi niya’y nakahiga na raw siya noon, at ang sabi niya siya’y “May napapansing mga kislap ng liwanag sa gilid ng dingding.” At makalipas ang ilang saglit, naisip niya, “Di kaya’t, kung sino lang ’yun na nasa labas?” At sabi, matapos ang ilang saglit siya’y “may narinig na isang— isang parang hinuhukay na dagundong, at isa ’yung kulog.” At sabi, sa labas siya’y “may narinig na mga boses na nag-uusap, at ang sabi nila, ‘Alam n’yo, siguro’y mas mainam kung balikan natin ang mga kabayo natin, at tingnan ang kalagayan nila, dahil di na tayo hihimpil sa lugar na ito nang matagal.’” Ang sabi’y inalis daw niya ’yung talukbong niya sa ulo, at nakinig dun sa may dingding. At may kumislap na kidlat, at nakita niya ang kanyang boss at ’yung mga tagapag-alaga nung mga kabayo. At naisip niya, base dun sa mga usap-usapan nila, na may paparating na bagyo na tatama sa kabundukan.

118 Na ang tawag natin, dito sa mga taga-rito sa norte, “isang hihilagain,” na bigla na lang dumarating, nang walang babala. Wala ka na ngang panahon para makapaghanda pa. Yung mga bundok ay matatarik, ang mga ’yun ay tatama’t tatama na lang dun, nang biglaan.

119 At ’yung kumikislap-kislap dun ay mga kidlat. At ang sabi niya, “Alam mo, di na nga kami magtatagal sa dakong ’yun nang matagal.” Sabi, “Mukha ngang isang teribleng unos ’yung dadaan dun.”

120 At pagkatapos ang sabi niya, “Bigla ko na lang naisip, ‘Buweno, sana hindi ’yun tumama rito,’ sabi, ‘dahil alam ko na di pa ako handang mawala.’” Minsan nga’y nagpapahapay-hapay kayo nang matagal, alam n’yo.

121 Kaya hayun na nga’t ang sabi niya, “Sa ilang sandali, ang hangin ay nagsisimula nang umihip, at ang mga punongkahoy ay nagsisiyugyog na.” At ang sabi’y pinakikinggan daw niyang maigi. May toldang pangharang sa pagitan niya at dun sa lugar

nung—nung matandang babae kung saan siya natutulong, at ang sabi, “Kinakalampag nung matanda ’yung toldang pangharang. Sabi nung matanda, ‘Iho? Oh, iho?’”

Sabi niya, “Ano po ’yun?”

¹²² Sabi nung matanda, “Gusto mo bang lumipat dito sa lugar ko? May lampara ako rito na nakailaw.” At sabi, “Nagpunta ako sa lugar niya, dahil takot na takot talaga ako, na parang ikamamatay ko na.” At sabi, “May lampara siya na nakapatong sa isang lumang paleta na kahon. At ang sabi nung matanda, ‘Gusto kitang tanungin ng isang bagay.’”

Sabi, “Sige po, nanay.”

Sabi, “Handa ka na bang katagpuin ang Panginoon?”

Sabi niya, “Haya’t talagang natakot ako nang husto. Sabi, ‘Hindi pa po, nanay, hindi pa po.’”

¹²³ “Buweno,” sabi nung matanda, “iho, gusto kong sabihin sa iyo ang isang bagay. Siguraduhin mo nga sa sarili mo na handa ka na ngayon, dahil maaaring katagpuin mo na Siya ngayon, at tapos hindi ka pa handa, sa loob ng ilang minuto.” Sabi, ang sabi nung matanda, “Gusto mo bang lumuhod kasama ko?”

¹²⁴ Sabi, “Lumuhod kami dun sa tabi nung lumang paleta na kahon.” Sabi niya, “Parson, sasabihin ko nga sa iyo ang totoo, takot na takot ako noon na manalangin.” Sabi niya, “Yung mga punongkahoy ay kumakalampag mismo sa gilid nung silungan, at walang tigil ang pagkislap ng kidlat, at pagdagundong ng kulog. Takot na takot akong manalangin.” Sabi, “Kaya parang bigla ko na lang nasabi, ‘Panginoon, mahabag Ka po,’ at *bang* hayun nga ang kidlat. Sabi ko’y, ‘Saan nga po uli ako naputol? Panginoon, mahabag Ka po,’ *bang* hayun nga uli ’yung kidlat.”

¹²⁵ Sabi niya, “May natuklasan nga akong isang mahalagang bagay.” Sabi niya, “Yung matandang banal na babaing ’yun ay naupo lamang nang mahinahon at wala siyang ikinababahala.” Sabi, “Siya’y nakipag-usap sa Diyos na parang kilalang-kilala niya ang Diyos mula sa pagkabata niya, na parang ang Diyos ay tatay o nanay niya.” Sabi, “Wala ngang bumabagabag sa kanya roon na kahit ano.”

¹²⁶ Sabi, “Takot na takot ako roon na halos ikamatay ko.” Sabi, “Sa huli’y mabuti na lang at lumabas ang mga salitang ito mula sa akin, at ang sabi ko, ‘Panginoon, kung loloobin Mo lamang na ako’y mabuhay, at maghahanap po ako ng isang dako na mas tahimik, ako po’y lalapit sa Iyo.’”

¹²⁷ Ang lalaking ito’y nabigyan ng isa pang pagkakataon, pero kayo marahil ay wala na. Kapag ang mga kahatulan ng Diyos ay nagsimula nang bumuhos, wala na ngang pagkakataon pa. Heto na mismo ang pagkakataon n’yo ngayon. Heto na mismo ang pagkakataon n’yo.

128 Yung bagyo ay naron na mismo sa kanya! Ang sabi niya, “Parson, posible ba sa isang taong katulad ko na maipadako sa dakong ’yun ng kaligtasan; na sa panahon na ang kamatayan ay hayan nang papalapit sa akin, ay magagawa kong pumasok at makipag-usap sa Kanya, na katulad nung matandang banal na babaing ’yun?”

129 Sabi ko, “Tho, ang Dugo ni Jesus Cristo, na nagbunsod sa babaing ’yun na maging ganoon, ay magagawa ngang papaging ganoon ka rin ngayon.”

130 Nakatayo nga ako noon sa tabi ng sasakyan ko. Ang binata ngang ’yun ay maganda ang pananamit, disente, edukado. Siya nga’y napaluhod sa kanyang mga tuhod, dun mismo sa maputik na bakurang ’yun; at doon nga’y nasumpungan ng lalaking ito ang Dakong kublihang ’yun, ang Kanlungang ’yun sa panahon ng bagyo, ang Batong ’yun sa kinapapagurang lupain.

131 Hindi ka nga mapapagod basta’t naron ka sa Bato. Yaong Bato ang tanging lugar kung saan di ka mapapagod. Ang Bato ang dako ng kapahingahan. Maaari ka roong maupo lang at tumanaw, at ligtas na ligtas ka roon.

132 Hayan nga ang parating na oras, at heto na ito ngayon, (at ang pagtatatak ay halos tapos na), na ang bawat lalaki’t bawat babae na narito sa balat ng lupa ay paroroon kaya sa dako na ’yun ng Kanlungan, gaya ng panahon noon ni Noe, o mananatili ba sa labas Nito. Ikaw mismo ang gagawa ng pasya mo. Ang kaligtasan na ’yun ay si Jesus Cristo. Anupa’t, Siya lamang ang tanging Dako, ang tanging Isa na mayroong Buhay na Walang Hanggan. Walang makalalapit na kahit sino sa Ama, maliban na sa pamamagitan Niya. Siya ang Daong ng ating kaligtasan. Ang Espiritu Santo’y nagpapatotoo na mismo sa atin ngayon, na lumipat na tayo mula sa kamatayan patungo sa Buhay.

133 At sa pagtingin nga natin dito sa libingan, haya’t alam natin na ang bawat isa sa ati’y patutungo roon!

134 Nakikita na natin ang mga pahayagan, at ang paparating na bagyo! Sa pag-uwi n’yo nga sa inyong tahanan ngayong gabi, gawin n’yo lang itong sasabihin ko, huwag po kayong magtungo sa highaan n’yo nang di n’yo binabasa muna ang Apocalipsis, ika-8 kabanata. Makikita n’yo ang paparating na mga salot at bagyo na malapit nang hagupitin ang mundo, at mga kulog at mga kidlat na yuyugyog sa kalangitan. Ang mga pagkaaba’y raragasa sa ibabaw ng bansang ito. Marami ang mabubulok sa sarili nilang laman. Tatamaan sila ng mga karamdaman, ang mga doktor ay walang kaalam-alam sa mga bagay na ito.

135 Pero alalahanin n’yo, bago ’yun mangyari, may pagtatatak na mangyayari! At ang mga anghel ng kamatayan at mga salot ay inatasan ng Diyos, “Huwag n’yong lalapitan ang mga ito na taglay ang Tatak sa kanilang noo!” At ang Tatak ng Diyos ay

ang bautismo ng Espiritu Santo. Sinasabi ng Mga Taga-Efeso 4:30, “Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na kayo’y tinatakan na hanggang sa kaarawan ng pagkatubos.” Gaano pang katindi ang pag-uga ng daong, gaano pang maka-ilang beses tumama ang kidlat malapit dito, “Sampung libo man ang mabuwal sa iyong kanan, at sanglibo sa iyong kaliwa, ngunit di ka nito malalapitan.” Natatakan ka na ng Espiritu Santo!

¹³⁶ Nabasa ko ang tungkol sa, “Isang nakasakay sa maputlang kabayo na lumitaw dun, na may pangalang ‘Kamatayan,’ at sa kanya’y nakasunod ang Impyerno.”

“Isang nakasakay sa itim na kabayo na may hawak-hawak na timbangan sa kanyang kamay.”

¹³⁷ “Isang takal ng trigo sa isang denario, at dalawang takal ng sebada sa isang denario, subalit huwag mong lapitan ang Aking Alak at Aking Langis!”

¹³⁸ Nalalaman ko, sa pamamagitan ng Biblia, ang paparating na mga paghatol ng Diyos, kung saan ang mga karamdaman, at kaguluhan, at mga sakuna’y hahagupit sa mga bansa, at ang bawat bansa’y madudurog na magpipira-pirasong. Nababasa ko mismo sa Bib- . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹³⁹ Natahimik ang lahat. At tinuklap ni Jesus ang kadilimang nakalambong sa mga mata niya, at napahawak ang lalaking ito sa alkalde ng bayan doon, at napasigaw, “Nakakakita na ako! Nakakakita na ako!” Na nung mga oras na ’yun ay libo-libo ang nakatayo roon, na mga Mohammedan, at kung sinu-sino pang iba.

¹⁴⁰ Sabi ko, “Ngayon ano ang Daong ng kaligtasan?” Sabi ko, “Nabasa ko sa pahayagan n’yo, nung isang araw, na ’yung lahat ng maliliit na mga ibon na palagi namang dumadapo dati sa mga patong-patong na batong ’yan sa palibot ng bakod, at sa matataas na moog ng mga gusali sa gilid.”

¹⁴¹ Alam n’yo, mahirap na bansa ang India at sila nga dun ay namumulot lang ng mga bato sa parang, at ’yun ang pinang gagawa nila ng kanilang bakod. At ’yung maliliit na mga ibon nga’y sa mga batong ito gumagawa ng kanilang mga pugad, dun sa mga bitak, at sa mga butas. Doon nga sila nagpupunta’t gumagawa ng kanilang mga pugad, para iwasan ang ulan. At ’yun nga ring mga baka, lahat, sa tuwing sasapit ang hapon, kapag ang araw ay lumulubog na sa Kanluran, hayan nga’t, ang mga baka’y tumatayo roon sa lilim ng mga—ng mga bakod na ito at matataas na moog, para makasilong.

¹⁴² Pero, sa loob ng dalawang araw, may kakaiba ngang bagay na nangyari. Sininop ng lahat ng mga maliliit na ibon ang kanilang mga inakay, ’yung maliliit nilang mga inakay na ibon, sama-sama’t, inilipad nila palayo sa mga pader, at di bumalik kahit nung gabing ’yun. Nagpuntahan sila sa gitna ng parang, at dun humimpil, ’yung mga baka’y di rin nagpuntahan nung

hapon na 'yun. Nilayuan nila 'yung mga pader. At nagkumpol-kumpol sila, at nagtabi-tabi na dikit-dikit sila't nililiman nila ang isa't isa.

¹⁴³ Kapatid na lalaki, kapatid na babae, 'yan mismo ang dapat gawin ng Iglesya! Hindi natin kailangan ang lilim ng mga nagtataasang mga Babilonia nang panahong ito, ng pagiging moderno. Ang kailangan nati'y pagpapala ng isa't isa, na may paglalakip, ang ating patotoo, at ang Cristianong pag-iibigan at pagkakapatiran na dumadaloy nang husto sa ating puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Yan ang gagawa ng lilim; sa oras na makakapitan ko ang kapatid kong lalaki sa kanyang kamay, ang kapatid kong babae sa kanyang kamay, at may pagkabatid na kami'y mga mamamayan ng Kaharian ng Diyos; na nag-iibigan kami sa isa't isa, at naninindigan kami na may pagkakalakip sa isa't isa para sa isang dakilang Layunin na ito, ang Layunin ni Cristo. Kayo ma'y isang Methodist, Baptist, Presbyterian, Oneness, Twoness, Threeness, anupaman kayo, wala 'yung kaso, basta't ang Dugo ni Jesus Cristo'y naglilinis sa atin mula sa lahat ng pagkakasala at tayo'y may pagbubuklod-buklod sa isa't isa. Yan nga ang asam natin, pagkakapatiran, pagbubuklod!

¹⁴⁴ Tumayo sila roon sa gitna ng parang. Tumanggi silang tumayo sa lilim ng mga pader. Iniisip ng mga tao na kakaiba 'yun. Sadya nga naman kakaibang kilos 'yun. Anong nangyari? Bigla na lang isang iglap, dumating ang isang lindol na niyanig ang mga pader na magbuwalan mula sa lupa. At kung 'yung maliliit na mga ibon pala'y naroon, sila't ang mga inakay nila'y matutulad dun sa babae, sa asawa niyang lalaki at sa kanilang mga anak, sa Miami o Okeechobee, na sila'y masasawi rin sa pagbagsak nung mga pader. Kung 'yung mga baka'y nanatiling nakatayo dun sa lilim nung mga pader, sila man ay nasawi rin sana sa mga pader na 'yun. Tatlong taon na po ang nakararaan nung mangyari 'yan. May sipi po ako rito mula sa pahayagan na 'yun; wala na po pala, na kay Tommy Nickel na ito na nagtrabaho para sa *Christian Men's Voice*. Yung pinaka ulo ng balita sa diyaryo'y ang sabi, "Ang mga ibon ay nagsisi balikan na sa kanilang puwesto. Ang mga baka ay bumabalik na mula sa parang."

¹⁴⁵ Kung ang Diyos, sa panahon noon ni Moises . . . sa panahon noon ni Noe, ay magagawang balaan ang mga baka't mga ibon, na lumikas sila papunta sa ligtas, patungo dun sa daong, dahil paparating na ang pagkawasak, isang bagyo. Siya'y nananatili pa ring siya ring Diyos na 'yun ngayong gabi, may malasakit Siya sa mga baka't mga ibon. At kung Siya nga'y gumawa ng paraan para sa ibon at baka na makaalpas sila sa masalimuot na bagsik na ito ng kahatulan, gaano pa kayang gagawa Siya ng daan para makaalpas kayo at ako, na mga anak ng Kanyang pagkalikha! Gaano pa kayang gagawa Siya ng daan para tayo

ay makaalpas! At nararamdaman nga natin ang Espiritu Santo na inuudyukan ang ating puso. Napipinto na ang oras. Kitangkita na natin ang mga anino ng—ng kapanahunang ito ng mga atomika, nakikita na natin ang mga anino ng kapanahunang ito ng hydrogen, nakikita na natin ang mga bansa na nagkakasira, ang Israel ay nagigising.

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising,
Mga tanda na inihula ng mga propeta;
Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-
puno ng pagkabalisa;
Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na.

Yan na nga mismo ang nangyayari ngayon! Alam n'yo nga itong lumang awiting ito ni Haywood.

Ang araw ng pagkatubos ay malapit na,
Puso ng mga tao'y lupaypay sa takot;
Tiyaking puspos kayo ng Espiritu, na inyong
mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,
Tumingala! Ang inyong pagkatubos ay malapit
na.

¹⁴⁶ Paparating na ang mga bagyo. May Dakong makukublihan, oh, isang pinagpalang Dakong makukublihan! Ito nga'y nakay Cristo.

¹⁴⁷ Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali. Nais ko pong magbulay kayo nang may sinseridad at pagkapitagan, sa susunod na mga ilang sandaling ito.

¹⁴⁸ Nasumpungan n'yo na ba ang pinagpalang Dakong 'yun na makukublihan, palayo sa masalimuot na galit? Alalahanin n'yo, walang dalawang dako na makukublihan, nag-iisa lamang Ito. Marahil kayo'y maiinam na mga miyembro ng isang iglesya, na wala akong anumang masama na masasabi na laban. Pero kung 'yan lamang ang taglay-taglay n'yo, at ang buhay n'yo ay di nakalapat sa Aklat ng Mga Gawa, kung 'yang Espiritu Santo na sinasabi n'yong taglay n'yo ay di naman kayo ibinubunsod na maipamuhay 'yung siya ring ginawa nila roon sa Aklat ng Mga Gawa, at ang pamumuhay n'yo ay mistula bang ibang aklat ang isinusulat, mainam na pakinggan n'yo ang babala. Kung ang unang puno ng ubas ay nagpasibol ng pentecostal na Iglesya; ang ikalawang puno ng ubas, o sanga, ang ibig kong sabihin, na sumibol mula sa Puno ng Ubas, ay magsisibol at magsisibol nga ng isa uling pentecostal na Iglesya, taglay ang pentecostal na karanasan, na ipinamumunga ang siya ring mga bunga na ipinamunga noon ng unang Iglesya. Kayo ba'y naglulumagi na roon sa pinagpala't, banal na Presensya ng Panginoon? Kayo ba'y lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay? Haya't kayo ba'y naglulumagi pa rin sa kung anong emosyon, na kung anong sikolohikal na gawa-gawa, o kung anong intelektuwal na pananalita? O, kayo ba'y tuluy-tuloy na naglulumagi na sa

Kanyang Presensya, taglay ang bunga ng Espiritu sa inyong buhay; pagpapahinuod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob? Magagawa n'yo bang maatim na may tao na maninirang-puri sa inyo, at, ganoon na lamang ang pag-ibig n'yo sa kanila, na sa puso n'yo ay ipapanalangin n'yo pa talaga sila? O, isa lamang 'yang pansariling kung anong panalangin, "Oh Panginoon, alam ko naman na dapat ko siyang ipanalangin, pero..." Oh, hindi ganyan, kapatid. Yan bang kaluguran at pag-ibig ng Diyos na, "Oh, pumarito Ka sa aking kaluluwa! Oh Espiritu Santo, pumarito Ka sa aking kaluluwa"? Kung di mo pa nasusumpungan ang dakong 'yan ng kaligtasan, kapatid ko!

¹⁴⁹ Hahantong ako sa pinaka huli kong pagbisita sa Phoenix, balang araw. Marahil ito na 'yun, sa abot ng nalalaman ko. At ang pinaka huling beses na maipapangaral ang Ebanghelyong ito sa ibabaw ng pulpitong ito, ay ito na marahil 'yun, di ko po alam. Tayo nga'y napakalapit na kung tutuusin sa kawakasan ng panahon. Ang Israel ay nanumbalik na sa kanyang lupang tahanan, ang huling tanda na ibinigay.

¹⁵⁰ May tinitingan nga akong litrato nung isang gabi, kung saan akay-akay nila 'yung kanilang mga matatanda't, mga di makalakad, pababa sa mga barko't lahat na, na dumaong. May mga nagsabi, "Kayo po ba'y bumalik sa lupa n'yong tahanan, para dun mamatay?"

Sabi, "Hindi, bumalik kami para makita ang Mesiyas."

¹⁵¹ Huwag kayong mag-alala, ang puno ng igos ay nagsisibol na ng kanyang mga usbong, 'yun nga ang huling tanda. Yaong sagisag, yaong pinaka matandang watawat sa buong mundo, ay wumawagayway na sa ibabaw ng Jerusalem. Siya'y bansa nang maituturing sa kanyang sarili, na may sarili nang hukbo niya. Siya nga'y bulag sa kaunting espasyo ng panahon, pero siya nga'y manunumbalik nang magkalakip uli. Yun ang ipinangako ng Diyos. Sa panahon na 'yun ay magwawakas na ang panahon ng mga Gentil. Sila'y naghahanap na ng Mesiyas.

Alam n'yo, tinanong ang Diyos minsan, "Magagawa Mo bang kalimutan ang Israel?"

¹⁵² Sabi, "Gaanong kataas ang kalangitan? Gaanong kalalim ang lupa? Sukatin mo ito!"

Ang sabi ng propeta, "Hindi ko kaya."

¹⁵³ Ang sabi Niya, "Sa ganoon din na hindi Ko magagawang kalimutan ang Israel. Ito ang itim ng Aking mata."

¹⁵⁴ Hayan na ang huling tanda. Sinabi ni Jesus, "Kapag inyong nakita ang puno ng igos na nagpapasibol ng kanyang usbong, ay nalalaman ninyo na malapit na ang araw, na nasa pintuan na nga." Ipinanunumbalik na unti-unti ang Israel. May sarili na silang salapi, mga apat na linggo na ang nakararaan. May sarili na siyang salapi't, lahat na. Isa na siyang ganap na bansa.

Ano nang hinihintay natin? Ang pagsasara ng mga Gentil.

¹⁵⁵ At ang huling tanda na iprinopesiya na ibinigay sa mga Gentil, ay ipinakita na sa bansa't buong mundo pa nga, gaya ng ipinakita nila noon sa mga araw ng Sodoma.

¹⁵⁶ Noong panahon na 'yun na sabihin Niya, "Nasaan si Sarah, na iyong asawa?" Isa pong estranghero, pero papaano Niya nakilala na 'yun nga si Sarah? At papaano nga Niya nalaman na ang pangalan niya'y Sarah, at asawa ni Abraham?

Sabi, "Siya'y nariyan sa tolda sa likod mo."

¹⁵⁷ At si Sarah ay tumawa sa kanyang sarili, doon sa loob ng tolda. Ang sabi nung Lalaki, "Bakit tumawa si Sarah?"

¹⁵⁸ Ang sabi ni Jesus, "Kapag ang araw na ito ay mangyari na, ang panahon ay malapit na." Haya't nasaksihan na natin! Tapos na talaga. Ang kasunod ay kahatulan na.

¹⁵⁹ Kayo ba'y nasa pinagpalang Dakong kublihan na ngayon, kaibigan? Mahabag nga ang Diyos! Kung kayo'y hindi pa, at nagnanais kayo na maalaala ngayong gabi sa pananalangin, maaari n'yo po bang itaas ang inyong kamay, sabihin, "Kapatid na Branham, ipanalangin mo ako." Sige't sa buong gusali po, itaas n'yo lang. . . Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, ikaw, ikaw. Mainam 'yan. Pagpalain ka ng Diyos. Yan nga'y. . . Pagpalain ka ng Diyos. Mayroon pa po bang nagnanais magsabi, "Ako'y alalahanin mo, Kapatid na Branham"? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos ikaw riyan sa likod. Pagpalain ka ng Diyos ikaw riyan sa pinaka likod, kabataang babae. Sa ginang po rito, pagpalain ka ng Diyos. Oo. Pagpalain ka ng Panginoon, ginoo; at ikaw, rin. Oh, napaka inam nga. Mayroon pa po ba, sige't itaas n'yo lang ang inyong kamay.

Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, ano ngang ibig ipahiwatig nito?"

¹⁶⁰ Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos diyana sa likod, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos dito, binibini. Napaka inam n'yan.

¹⁶¹ "Anong ibig ipahiwatig nito, Kapatid na Branham, kapag itataas ko ang aking mga kamay?"

¹⁶² Alam n'yo ba, na batay sa siyensiya, hindi mo kayang itaas ang mga kamay mo? Kung walang buhay diyana sa iyo, hindi mo kayang gawin 'yun. Hindi mawari ng siyensiya kung ano ba ang buhay. Alam nila na buhay 'yan, pero di nila alam kung ano ba talaga 'yun. Di nila kayang lumikha nun. At ano 'yun? Sinasabi ng siyensiya, na 'yang mga kamay mo, hinihila pababa ng hatak ng mundo 'yang mga kamay mo, na siya ring bagay na nagpapanatili sa mga paa mo sa lupa.

¹⁶³ Pero may espiritu ka sa loob mo. At, 'yang espiritu na 'yan, may kung anong Bagay na malapit sa tuwina sa iyo. Sinabi ni

Jesus, “Walang sinuman ang makalalapit sa Akin maliban na ilapit siya ng Aking Ama, unang-una, at ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin.” Hindi ba kayo nagagalak sa gabing ito na malaman na ang Diyos ay may kakayahan na makipag-ugnay sa puso mo, na may munting Tinig diyan, na nagsasabi, “Lumikas ka papunta sa dakong ligtas”? Ngayon masdan, “Sinuman na lumapit sa Akin, ay hindi Ko itataboy sa anumang paraan.”

¹⁶⁴ Anong kailangang maganap? Kinakailangan mo ng kung anong Bagay diyan sa piling mo, na magsasabi sa iyo, “Mali ka.” Oh, marahil kasapi ka sa isang iglesya. Pero, “Mali ka,” di mo pa natatanggap ang Espiritu Santo, hayan nga. Wala ka pa sa loob ng Daong.

¹⁶⁵ Papaano tayo makakapasok sa loob ng Daong? Hindi nga sa paglalakad papasok Dito. Papaano tayo makakapasok sa loob nitong Daong? “Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay tayong lahat ay binautismuhan papasok doon sa iisang Katawan.” Ang lahat ng mananampalataya’y binautismuhan papasok sa iisang Katawan na ’yun. Papaano? Sa pamamagitan ng Espiritu Santo. “At ang mga tanda na ito’y lalakip sa kanila na sumasampalataya.” Hayan nga tayo, sa loob ng Katawan na ’yun, nang ligtas.

¹⁶⁶ Kung kayo’y hindi pa, huwag n’yong hayaan na hamak-hamakin lang kayo ni Satanas, sa gabing ito, para hindi n’yo maitaas ang inyong kamay. Buweno, ano bang ginagawa nun? Binabali nito ang bawat alituntunin ng siyensiya, kapag iyong itataas ang iyong kamay. Ipinapakita n’yan na may kung anong bagay sa loob n’yo na gumawa na ng pagpapasya. Isang bagay na lalong higit sa siyensiya, isang bagay na sumasalungat sa mga alituntunin ng siyensiya, na masasabi, “May espiritu rito sa loob ko, na nagsasabi, ‘Ako’y mali.’ At may Isa na narito lamang sa tabi ko, na haya’t nagsasabi, ‘Tanggapin mo Ako.’ Itinataas ko ang aking kamay sa kung saan nanggagaling ang Tinig na ’yun, sa Langit. Ikaw nga’y mahabag sa akin, Oh Diyos. Ika’y kailangan ko. Inaasam ko ang Espiritu Santo. Ninanais ko na mapadako sa ligtas. Hinahangad ko na ang mga pagkakasala ko’y mapasa ilalim ng Dugo. At ninanais ko na matatakan papasok doon sa Katawan ni Cristo, nang sa gayon maramdaman ko na may kaginhawaan ako, na makakapag bunyi ako sa mga sinag ng kagalingan, na makakapag bunyi ako sa mga sinag ng Makalangit na kagalingan ng kaluluwa ko, sa pisikal na kagalingan ng katawan ko, na lalakad ako kasama ang Cordero araw-araw, nang ligtas. Anumang sabi-sabihin ng babasahin, ng mga pahayagan; narinig ko na mismo ang sinasabi ng lalong dakilang Babasahin, ito ngang Biblia. Ako’y lumikas na patungo dun sa ligtas. Anuman ang mangyari, ako’y mananatiling ligtas. ‘Dahil sila,’ kunin man ako ng kamatayan, ‘sila na mga nakay Cristo, ay dadalhin ng Diyos kasama Siya,

sa Kanyang Pagparito.' Ako nga'y may kaligtasan. Hindi ako maliligalig ng Kamatayan."

¹⁶⁷ Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos. May iba pa po ba bago lamang tayo manalangin, "Inaasam ko ang ligtas na Dakong malalagian na 'yan, Kapatid na Branham"? May iba pa po ba na di pa nakapagtataas ng kanilang kamay? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Mainam 'yan. Pagpalain ka ng Diyos diyang sa likod na likod. Napaka inam n'yan.

¹⁶⁸ Ngayon, ang siya ring Diyos na nagkumbinsi sa inyo na kayo'y mali, ay nariyan para ituwid 'yan sa inyo.

¹⁶⁹ Iyuko po natin ang ating mga ulo ngayon, at manatili, at manalangin. Sige't makipag-usap kayo sa Kanya ngayon, sa inyong sariling paraan. Kung magagawa n'yo yaong katulad sa publikano na 'yun na sumusuntok sa kanyang dibdib, na ang sabi, "Diyos, mahabag Ka sa akin, na isang makasalanan." Yun lang ang kailangan niyang sabihin; batid na ng Diyos ang lahat ng iba pa. At siya'y umuwi, na inaring ganap na. Nawa kayo'y ganoon din, sa gabing ito, na ligtas mula sa bagyo.

¹⁷⁰ Makalangit naming Ama, ito pong kakaunti't putol-putol na mga salitang ito, gaya ng pangunguna sa akin na sabihin ang mga ito, ay nailahad ang mga ito. At dalangin ko, na sa kung anong paraan, katulad sa isang batang lalaki na kanya lamang binibigkas ang mga letra sa alpabeto, na ang sabi'y 'yun lang kasi ang kaya niyang gawin, "Iyo ngang nalalaman ang lahat ng mga salita, at magagawa Mo na paglakip-lakipin ang mga letra na 'yun na mabuo." Nakita Mo ang kasimplehan ng kanyang puso. Diyos, Iyo ngang tunghayan pababa ang aking abang puso, sa gabing ito, at tingnan ang kasimplehan ng aking puso. At ang Mensahe po'y nilayon, Panginoon, sa pag-ibig at kaluguran, para sa mga tao, para masumpungan nila ang Kapahingahan na ito na Iyong ipinagkaloob sa akin at sa libo-libo pang iba, na kanilang makilala si Jesus, ang tanging Tagapagligtas ng kanilang kaluluwa, na Kanyang maakay sila sa aming Ama, Diyos, at doon ay mailagay po sila ng ligtas sa Kanyang tadyang, sa Kanyang hinapak na tagiliran, at Siya'y tanggapin, at makaalpas sila sa paghahatol.

¹⁷¹ At marami po sa gabing ito, Panginoon, tunay, marami ang nagsipagtaas ng kanilang mga kamay. Ano po bang puwede kong gawin, Panginoon, kundi sabihin sa kanila na sila nga'y "sumampalataya"? At kung sila ay magsisisampalataya, at may sinseridad dito, imposible na di nila makamit ang Buhay na Walang Hanggan sa mismong oras na ito. Dahil, Iyong sinabi, "Ang sinuman na nakikinig ng Aking mga Salita." Sila'y sa Iyo; siguro'y di pa sila ganoong kaayos na nakalakip, marahil, subalit magagawa Mo silang maayos na lumakip. At marahil Iyo na pong nagawa na ito, sa kanila na mga nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, dahil hayang sinabi Mo, "Walang sino man

ang makalalapit maliban na palapitin Ko siya. At ang lahat ng nagsisilapit, ay di Ko itataboy, bagkus pagkakalooban siya ng Buhay na Walang Hanggan, at ibabangon siya sa huling araw.” Alam namin, Panginoong Diyos, na Ikaw ’yan! Kanila nang itinataas ang kanilang mga kamay, inaasam Ka nila. Ngayon, Ama, punuin Mo ang kanilang puso, punuin Mo ang kanilang puso ng kabutihan at ng awa, ng Espiritu Santo. Ang gabing ito’y maging gabi nawa na di nila malilimutan, dahil ito ang gabi na tinanggap nila si Jesus Cristo bilang Tagapagligtas nila, at napuspos ng Espiritu Santo.

¹⁷² Habang nakayuko ang ating mga ulo. Kung naniniwala kayo na dinidinig ng Diyos ang aking dalangin, at nagnanais kayo na mapatungon ko kayo ng aking kamay at ipanalangin kayo, kung inyo lang. . . Habang ang bawat isa’y nakayuko ang kanilang mga ulo, at ang musika’y sadyang banayad, kung magagawa n’yo po. Gusto ko ngang sa mga may nais, ay sige’t pumarito lamang, na nagnanais na tanggapin ang dakilang Mensahe na ito ng kaligtasan, ang Espiritu Santo. At sabihin, “Kapatid na Branham, inaasam ko po na lumapit na ngayon, para ihayag ko na ako’y nagkamali. Na heto pong ninanais ko na ang Espiritu Santo’y patawarin po ako, at kalugdan akong mainam ngayon, at bigyan ako ng kapayapaan sa panahon ng pag-uuga.”

¹⁷³ Alam n’yo, na lahat ng bagay na mauuga, ay mauuga na ngayon. “Pero tayo nga’y nakatanggap ng isang Kaharian na hindi mauuga!” Si Cristo.

¹⁷⁴ Magagawa n’yo bang lumapit at tumayo rito sa may altar, kasama ko, hayaan n’yong alalayan ko kayo sa inyong kamay at manalangin kasama n’yo? Kung magagawa n’yo, sige po’t tumayo lamang at lumapit na ngayon, habang marahan tayong umaawit ngayon. Kayo na mga nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, lumapit na po rito ngayon at tumayo sa tabi ng altar, nang ilang sandali, kung nais n’yo, habang aawitin na natin ngayon ang talata na ito. “Coming home.” [Patuloy na inaawit ng kongregasyon ang *Lord, I’m Coming Home*—Pat.]

¹⁷⁵ Papaano kaya kung ito na ang pinaka huling pagkakataon na maririnig n’yo Ito? Isipin n’yo nga ’yun! Papaano na kung ito na talaga ang pinaka huling pagkakataon? Ano kaya kung may ambulansyang tutunog, diyan sa labas sa kalsada, na kayo na pala ’yun, na hayan sila na bubuhatin na ang katawan mo? Ano kaya, kung sa bandang alas dos ng umaga, tatawag ka sa doktor, at atake na pala sa puso ’yun? Kayo at kayo lamang ang makakapagpasya nito sa sarili n’yo. May pagtawag na ba Ito? Lumikas na kayo sa ligtas, kung magagawa n’yo, dahil kayo’y tatayo at tatayo sa huling mga araw.

I’m coming home.

Coming home, coming home.

176 Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na babaing...?... [Si Kapatid na Branham ay nananalangin kasama ng mga tao sa may altar. Patuloy na inaawit ng kongregasyon ang *Lord, I'm Coming Home*—Pat.]

Oh, Nev. . .

177 Magagawa n'yo bang tumayo na, at lumapit dito kasama ng mga iba pa na nakatayo rito sa palibot ng altar? Sige lumapit lang. Papatungo na sa paghahatol ngayon. Magagawa n'yo po bang lumapit na? Lumapit na ngayon, ihayag n'yo ang inyong mga pagkakasala, hindi n'yo na kailangang hintayin pa ang hatol. Pagpalain ng Diyos ang dalawang narito na lumalapit ngayon. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Mainam 'yan. Pagpalain ka ng Diyos, kabataang babae. Sige't lumapit lamang. Lumapit po kayo, ginoo.

I've wandered far . . .

Sige't lumapit ka lang, kapatid kong Espanyol.

. . . away from God,
Now I'm coming . . .

178 Magagawa n'yo bang tumayo na ngayon, at sige't lumapit lang dito? Manalangin po tayo. Lumikas na sa Silungan.

. . . of sin too long I've trod,
O Lord, I'm coming home.

179 Nais ko lang sabihin ito, habang patuloy na tumutugtog ang organ. Ang Mensahe, sa gabing ito, ay isang Mensahe ng pag-ibig, biyaya, at babala. Bukas ng gabi, ang Mensahe na ito ay marahil nasa inyong mga tainga lamang sa kung saang dako, na isang Mensahe ng paghatol at kahatulan. Habang Ito'y may habag pa Rito, lumapit na kayo at tanggapin Ito. Inyo po bang magagawa, mga kaibigan? Kayo nga'y katatagpuin ko sa bagay na Ito, na aking ipinangusap sa gabing ito, balang araw. Magagawa n'yo na po bang lumapit? Hayaan n'yong mangusap Ito ng habag, para sa inyo. Habang inaawit natin muli, "Now I'm Coming Home," magagawa n'yo po ba?

180 Manatili lang kayo rito, kapatid na babae, iha. Manatili lang po kayong lahat dito kung mamarapatin n'yo, nang ilang sandali. Gusto nating manalangin para sa mga narito sa may altar. Hayaan n'yo silang manatili sa kinatatayuan nila ngayon. Sabay-sabay po muli.

I've wandered far . . .

Tumayo po, lumapit. Magagawa n'yo ba? Inaanyayahan ko kayo.

Now I'm coming home;
The path of sin too long I've trod,
Lord, I'm coming home.

181 Mga Cristiano, manalangin na ngayon. “Coming home.” Lumapit ka lang, kapatid kong lalaki na makasalanan; lumapit ka lang, kapatid na babae; na binayaran na ng Kanyang Dugo, mga taong kinamatayan ni Cristo. Magagawa n’yo po bang lumapit na ngayon? Hayaan n’yong makumbinsi ko kayo, sa matinding oras na ito, na ang hatol ay nakaamba na mismo sa mga pintuan ng bansang ito, sa mga pintuan ng mundo. Sige’t magagawa n’yo po bang lumapit na? Ako po’y nangungusap sa inyo, bilang kinatawan ni Cristo, lumapit na kay Cristo habang magagawa n’yo pa! Nawa’y sa habag, at hindi sa kahatulan.

182 Ngayon ihiging natin ito. [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Lord, I’m Coming Home*—Pat.]

183 Mayroon pa po bang iba, sa kaunting sandali na ito habang naghihintay tayo rito? Hayan nga ang iba’t ibang indibiduwal na pumupuwesto na rito ngayon sa mga narito. Hindi po ba’t tunay na kalugud-lugod na oras ito ngayon? Di ko po alam, sa aki’y ganoon po, hayan nga’t napaka inam ng pakiramdam ko ngayon. Ito nga ang inaasam ko, ito ang hinahangad ko.

184 Minsan noong ako’y isa pang batang mangangaral, may isang kapatid na babae ng isang ministro na ang sabi sa akin isang beses, gusto po raw niya akong sumama sa kanya para sumayaw. Sinabi ko sa kanya na di ako nagpupunta sa mga sayawan. Sinabi niya sa akin na dalhin ko raw siya sa isang palabas. Hinding-hindi ko nga magagawa ’yun. Sabi ko, “Hindi ako nagpupunta sa mga palabas.”

Ang sabi niya, “Saan ka nagkakaroon ng kaaliwan?” Sabi ko, “Sumama ka sa akin sa pagtitipon.”

185 Nung gabing ’yun nagdadaos ako noon ng pagtitipon sa may tolda. Kabataang lalaki pa lang ako noon, mga beinte uno anyos pa lang, kabataang lalaki. Nung gabing ’yun, marami ang nagsidulog sa altar. Natanaw ko siya roon sa likod, na umiiyak. Sinenyasan ko siya, sabi ko, “Kagabi’y tinanong mo ako ng isang katanungan. Masasagot ko ’yan ngayong gabi.”

Sabi, “Anong sagot, Billy?”

186 Sabi ko, “Ito ang pinaka dakilang kagalakan ng buhay ko.” Ang makita ang mga makasalanan na lumalapit, may kung anong Bagay nga na nagpapagalak sa puso ko na kapayapaan ang sinasaysay. Coming home!


I’m coming home, never . . .

187 Gustung-gusto ko po talaga ang pagkabanayad nito. Sadya ngang mararamdaman mo na ang Espiritu Santo ay narito, na nalulugod, “mabuti ang ginawa n’yo, mabuti ang ginawa n’yo.” Ito’y paghahanda sa gawain para sa pagpapagaling, espirituwal na kagalingan muna. May dinaramdam ang Katawan ni Cristo, kailangan nito ng kagalingan, itong espirituwal na Katawan.

I’m coming home.

Ngayon iyuko n'yo po ang inyong mga ulo. Bawat isa'y manalangin. Bawat isa'y dumulog ng panalangin.

Home, oh, never more to roam.

¹⁸⁸ [May kinakausap si Kapatid na Branham tungkol sa mga naroon sa may altar—Pat.] Ngayon, alalayan mo lang ang isang kapatid na lalaking ito rito. Kailangan may nakapuwesto ka rian sa iyo. Gusto kong manatili muna sila rito nang ilang minuto pa siguro. . . ? . . . Pumuwesto ka lang dito, sige't tama po 'yan. . . ? . . . Pagpalain ka ng Diyos. 

ANG PAPANATING NA BAGYO TAG60-0229
(The Oncoming Storm)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Lunes ng gabi, Pebrero 29, 1960 sa First Assembly Of God sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org